# Historyograpikong pagbasa sa mga piling biopic ayon sa mga modelo ng pagsasakasaysayan ni Friedrich Nietzsche

Jay Israel B. De Leon

## Abstrakt

Sinisipat ng pag-aaral na ito ang historyograpiyang nakapaloob sa mga piling biographical picture (biopic) na nagtatampok sa buhay ng mga bayaning Filipinong sina Andres Bonifacio (1863-1897), Emilio Aguinaldo (1869-1964), Antonio Luna (1866-1899), Gregorio del Pilar (1875-1899), at Manuel Quezon (1878-1944): *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (2010), *Supremo* (2012), *El Presidente* (2012), *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (2014), *Heneral Luna* (2015), *Goyo: Ang Batang Heneral* (2018), at *Quezon's Game* (2018). Nahahati sa tatlong sustantibong seksiyon ang katawan ng papel: (1) ilang tala hinggil sa mga piling biopic, (2) pagpapaliwanag sa mga modelo ng pagsasakasaysayan na ipinakilala ng Alemang pilosopo na si Friedrich Nietzsche (1844-1900) (i.e., kasaysayang monumental, kasaysayang antikuwaryo, at kasaysayang kritikal), at (3) pagtalakay sa mga bakas ng historyograpiyang Nietzschean sa mga piling biopic. Lumitaw sa pagsusuri na pinakanangibabaw ang kasaysayang monumental na nagbigay-diin sa magigiting na salaysay ng nakaraan. Sunod na nangibabaw ang kasaysayang kritikal na pumuna sa mga kamalian ng nakaraan. Pinakakaunti naman ang mga bakas ng kasaysayang antikuwaryo na ang layunin ay maging tapat sa kung ano talaga ang nangyari sa nakaraan. Sa pangkalahatan, walang biopic na iisang modelo lamang ng pagsasakasaysayan ang namutawi; ang kombinasyon ng monumental, antikuwaryo, at kritikal na kasaysayan ay nakita sa bawat pelikulang sinuri.

Mga susing salita: biopic, bayaning Filipino, nasyonalismong Filipino, historyograpiya, Friedrich Nietzsche, SDG 16: Peace, Justice, and Strong Institutions

## *Plaridel* Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

## How to cite this article in APA

De Leon, J. I. (2025). Historyograpikong pagbasa sa mga piling biopic ayon sa mga modelo ng pagsasakasaysayan ni Friedrich Nietzsche [Historiographic reading of selected biopics according to Friedrich Nietzsche's models of writing history]. *Plaridel*. Advance online publication. https://doi.org/10.52518/2025-06jidleon

## Abstract

The study examines the historiography within selected biopics that feature the lives of Philippine heroes Andres Bonifacio (1863-1897), Emilio Aguinaldo (1869-1964), Antonio Luna (1866-1899), Gregorio del Pilar (1875-1899), and Manuel Quezon (1878-1944): *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (2010), *Supremo* (2012), *El Presidente* (2012), *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (2014), *Heneral Luna* (2015), *Goyo: Ang Batang Heneral* (2018), and *Quezon's Game* (2018). The body of the paper is divided into three substantive sections: (1) some notes on the selected biopics, (2) an explanation of the models of writing history introduced by the German philosopher Friedrich Nietzsche (1844-1900) (i.e., monumental history, antiquarian history, and critical history), and (3) discussion of the traces of Nietzschean historiography within the selected biopics. The analysis showed that the most dominant model was monumental history, which highlighted heroic narratives of the past. The next most dominant was critical history, which criticized the mistakes of the past. There were very few traces of antiquarian history, which aimed to be faithful to what happened in the past. Overall, no biopic showed traces of only one model of history; a combination of monumental, antiquarian, and critical history was seen in each examined film.

Keywords: biopic, Philippine hero, Philippine nationalism, historiography, Friedrich Nietzsche, SDG 16: Peace, Justice, and Strong Institutions

## Introduksiyon

"In a world full of subjects—centuries crowded with notables and dunces—we may indeed ask why a modern biographer fixes his attention on certain faces and turns his back on others" (Edel, 1984, p. 60), [Sa mundong puno ng mga paksa—mga siglong tigib ng mga dakila't hangal—maaari kaya nating tanungin kung bakit ipinapako ng modernong mananalambuhay ang kaniyang atensiyon sa mga partikular na mukha habang tinatalikuran ang iba?] Iyan ang naging paraan ni Leon Edel (akin ang salin), kinikilalang muhon ng sining ng pananalambuhay, upang pagnilayan ang motibasyon ng isang mananalambuhay na isulat ang salaysay ng buhay ng iba. Hindi na nga kailangang sabihin pa na ang kauna-unahang suliranin ng sinumang mananalambuhay ay ang pagpili ng kaniyang "bayani" o indibidwal na papaksain (Smith, 1994). Karaniwang mga bantog at prominenteng personalidad sa kasaysayan ang pinipiling maging paksa sa isang talambuhay. Ano pa't ang matawag na isang "bayani" ay may kaakibat na imahen ng kagitingan at natatanging kontribusyon sa lipunan. Ang ganitong pamantayan sa pagpili ng indibidwal na paksa ay kadalasang bunga ng paghanga. Ayon kay Edel (1985, as cited in McCulloch, 1985), "Most biographies are begun out of enchantment or affection; you read a poem and want to find the poet, you hear a statesman and are filled with admiration, or you are stirred by the triumphs of a general or an admiral" (para. 4), [Karamihan sa mga talambuhay ay nagsimula bunga ng pagkahumaling at pagkagiliw; nagbasa ka ng tula at nais mong hanapin ang makata, nakinig ka sa isang politiko at napuno ka ng paghanga, o napukaw ka ng mga tagumpay ng isang heneral o admiral] (akin ang salin).

Sa Pilipinas, kabilang sa mga paboritong gamiting paksa ng pananalambuhay ang mga bayani ng ika-19 siglo katulad nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Apolinario Mabini, Emilio Aguinaldo, Manuel Quezon, at iba pang repormista't rebolusyonaryo. Sa pagdiriwang ng sentenaryo ng kaarawan ng mga bayaning ito at ng Himagsikang Filipino noong ikalawang hati ng ika-20 siglo, naging abala ang mga historyador at manunulat sa pananalambuhay (e.g., Teodoro Agoncillo na nagsulat ng talambuhay ni Bonifacio [1956]; Leon Ma. Guerrero at Austin Coates na nagsulat ng talambuhay ni Rizal [1961 at 1968]; Cesar Majul na nagsulat ng talambuhay ni Mabini [1964]; at Carlos Quirino na nagsulat ng mga talambuhay nina Aguinaldo [1969] at Quezon [1971]). Nagkaroon ng mga timpalak sa pagsulat ng talambuhay ng mga bayani, tulad ng mga inilunsad ng Jose Rizal National Historical Commission

(1961) at National Heroes Commission (1964), at mga espesyal na isyu ng mga lathalaing umaalala sa buhay at mga gawa ng isang partikular na bayani. Ang Philippine Historical Association, halimbawa, ay naglabas ng mga natatanging isyu ng *Historical Bulletin* para kina Rizal (1961), Bonifacio (1963), Mabini (1964), Aguinaldo (1969), at Quezon (1978) (Salamanca, 1993). Sa pagninilay ni Bonifacio Salamanca (1993), ang ganitong preokupasyon ay bunga ng paghahanap ng identidad at pangangailangan para sa mga simbolo ng pambansang pagkakakilanlan ng mga Filipino, na ang pagkakaisa'y palagiang hinahadlangan ng mga tila di-maigpawang suliranin ng pambansang integrasyon. Bahagi rin ito ng mga gawaing kaugnay ng rekonstruksiyon ng bansa matapos lumaya mula sa kolonyalismo (Javar, 2020). Ayon kay Roderick Javar (2020), nagsilbing moog ng binubuong bansa ang mga bayani at kanilang mga talambuhay bilang inspirasyon ng mga nagbubunying taumbayan. Sa isang postkolonyal na konteksto, ang nasyon-estadong nasa proseso ng pagbubuo, tulad ng Pilipinas, ay gumagamit ng pinagsasaluhang set ng mga pambansang halagahan na maaaring ikabit sa pagkakakilanlan nito (Bankoff & Weekley, 2002). Ang mga pambansang halagahang ito ay nangangailangan ng simbolikong representasyon, tulad ng isang pangkat ng mga bayani (Bankoff & Weekley, 2002). Ang kapangyarihan ng mga halagahang pinalalaganap sa pamamagitan ng mga imahen ng mga bayani ay lalo pang pinalalakas ng iba't ibang gawain. Bukod sa muling pagsasalaysay ng magigiting na tagpo sa kanilang mga buhay, ipinagdiriwang ang kanilang mga kaarawan bilang mga pambansang holiday, makikita ang kanilang mga mukha sa mga selyo at salapi, at matatagpuan sa matataong lugar ng mga bayan at lungsod ang kanilang mga bantayog (May, 1997).

Hindi lamang sa tekstong pasulat mababanaag ang trend ng pananalambuhay ng mga bayaning Filipino. Maging sa audiovisual media, katulad ng pelikula, ay isinadula rin ang kanilang buhay at pinalaganap ang diwang makabayan. Ayon kay Neil Martial Santillan (1998), pumasok sa Pilipinas ang tradisyon ng nasyonalismo sa pelikulang Filipino isang dekada lamang matapos ipalabas ang unang pelikulang Filipino, ang *Dalagang Bukid* (1919) ni Jose Nepomuceno. Kinikilala naman niya si Julian Manansala bilang ama ng mga makabayang pelikulang Filipino. Sa mga likha ni Manansala, ginamit na paksa ang buhay ni Rizal bilang isang tagasuporta ng Himagsikang Filipino, ang katauhan ng isang tulisan bilang pangunahing tauhan, at ang kabayanihan ng mga kababaihan (Santillan, 1998). Sa mga dekada pagkatapos ng Ikalawang

Digmaang Pandaigdig, nagpatuloy ang tradisyon ng mga pelikulang pumaksa sa mga bayaning Filipino. Ang malalaking studio sa Pilipinas sa panahong ito, ani Santillan, ay nagkaroon ng parehong interes sa mga pelikulang nagtatampok sa kabayanihan ng mga mandirigmang Filipino na nakipaglaban sa mga Hapon. Marami rin aniya sa mga historikal na pelikula sa panahong pagkatapos ng digmaan ang tumuon sa talambuhay ng mga bayaning Filipino. Ilan sa mga halimbawang binanggit niya ang *Tandang Sora* (1947), *Heneral Gregorio del Pilar* (1949), *Padre Burgos* (1949), *Diego Silang* (1951), *Dagohoy* (1953), *Lapu-Lapu* (1955), at *Buhay at Pag-ibig ni Dr. Jose Rizal* (1956). Nitong nakaraang dekada rin, makikitang marami sa mga ipinalabas na biographical picture o biopic sa Pilipinas ang pumapaksa sa mga bayani. Kabilang dito ang mga pelikulang nagtatampok sa buhay nina Bonifacio (*Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* [2010], *Supremo* [2012], at *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* [2014]), Aguinaldo (*El Presidente* [2012]), Antonio Luna (*Heneral Luna* [2015]), Gregorio del Pilar (*Goyo: Ang Batang Heneral* [2018]), at Quezon (*Quezon's Game* [2018]). Ang pagbugso ng mga biopic hinggil sa mga bayaning Filipino sa dekadang ito ay masasabing napapanahon sapagkat ang mga taon mula 2011 hanggang 2016 ay saklaw ng seskisentenaryong dekada ng mga bayani ng Himagsikang Filipino tulad nina Bonifacio (1863-2013), Aguinaldo (1864–2014), at Antonio Luna (1866–2016) (Alvarez, 2021). Bukod sa pagpapaalala at pagdiriwang ng kanilang kabayanihan, sinasabi ni Kerby Alvarez (2021) na hinihikayat ng mga pelikulang ito ang madla na muling harayain ang buhay ng mga bayaning ito bilang salamin ng Filipinong pagkabansa noong panahon ng Himagsikang Filipino na isa sa pinakamahahalagang tagpo sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa pagsusuri ni Patrick Flores (1998):

> [A]ng panahon ng rebolusyon ang nagsilbing hugpungan ng dalawang anyo ng pagsasabansa ng komunidad ng mga Filipino: ang panitikan sa anyong pasalita at pasulat at ang pelikula at ang kaakibat na kulturang biswal nito. Naitaguyod sa isang partikular na paraan ang pagiging bansa ng Pilipinas sa pamamagitan hindi lamang ng representasyon ng himagsikan sa pelikula bilang sintomas ng isang pambansang diskurso, kundi ang praktika mismo ng panonood ng sine ng mga taong hindi magkakilala at tangan-tangan sa dilim ang mga kontradiksiyon ng lipunan sa larangan ng uri, etnisidad, kasarian, at paniniwalang ideolohikal. (p. 191)

Lumilitaw, samakatuwid, na ang pelikula ay makapangyarihan hindi lamang dahil isa itong midyum na maaaring pagdaluyan ng diwang makabayan kundi dahil nagsisilbi rin ito bilang isang tagpuan na maaaring paglunsaran ng mas malalaki at malalalim pang diskurso hinggil sa pagiging isang sambayanan.

**Layunin ng Pag-aaral**

Historyograpiya ang tawag sa pag-aaral ng kasaysayan ng mismong pagsulat ng kasaysayan (Cortes, 1993). Sinusuri nito ang pag-unawa ng tao sa mga pangyayari ng nakaraan, ang mga paraan ng pangangalap, pagsasaayos, at pagpapakahulugan ng mga batis, at ang mga pagkakaiba-iba sa pananaw at interpretasyon ng mga taong nagsulat ng salaysay ng nakaraan. Ang pananalambuhay naman ay isang anyo rin ng pagsulat ng kasaysayan (Salvatore, 2004)—ang pagsusulat tungkol sa buhay ng isang tao ay pagsusulat hinggil sa kaniyang indibidwal na panahon sa kasaysayan. Hindi rin naman nakukulong ang pagpapakahulugan ng talambuhay sa personal na mundo lamang ng paksa nito. Sa katunayan, nakikipag-ugnayan ang talambuhay sa kasaysayan ng kinabibilangang panahon ng indibidwal na paksa (Banner, 2009). Sa kontemporanyong panahon, nagkaroon ng panibagong interes sa mga paraan kung paanong ang talambuhay ay isang makapangyarihang behikulo sa pag-unawa ng mas malalaking proseso ng lipunan, kultura, at politika sa isang panahon at lugar sa nakaraan na karaniwang paksa ng isang historyador (Shubert, 2018). Kung gayon, ang talambuhay at ang isinapelikulang anyo nito, ang biopic, ay maaaring isailalim sa historyograpikong pagsusuri. Sa pag-aaral na ito, nilalayong sipatin ang historyograpiyang nakapaloob sa mga piling biopic ng dekadang 2010-2019 na nagtatampok sa buhay ng mga bayaning Filipino ayon sa mga modelo ng pagsasakasaysayan ng Alemang pilosopo na si Friedrich Nietzsche (1844-1900). Sa partikular, tiningnan sa pag-aaral ang representasyon ng o pag-iisip hinggil sa kasaysayan sa mga imaheng biswal at diskursong pampelikula na tinawag ni Hayden White (1988) bilang historiophoty. Nahahati sa tatlong sustantibong seksiyon ang katawan ng papel: (1) ilang tala hinggil sa mga piling biopic, (2) pagpapaliwanag sa mga modelo ng pagsasakasaysayan na ipinakilala ni Nietzsche (i.e., kasaysayang monumental, kasaysayang antikuwaryo, at kasaysayang kritikal), at (3) pagtalakay sa mga bakas ng historyograpiyang Nietzschean sa mga piling biopic.

**Limitasyon ng Pag-aaral**

Limitado lamang ang pag-aaral sa naratibong nilalaman ng mga biopic na paksa ng pag-aaral. Nakasandig ang pagsusuri sa realidad at lohikang nasa loob ng bawat pelikula. Bagama't historikal ang kalikasan ng mga biopic, hindi na nilayon ng pananaliksik na patunayan o pasubalian ang mga itinampok na pangyayaring pangkasaysayan, i.e., hindi pakay ng pag-aaral na husgahan ang kawastuhan o accuracy ng mga pelikula. Kahalintulad ito ng metodo ni White (1973) sa kaniyang pagsusuri sa moda ng pagbabanghay ng mga historyador na hindi nagtangkang magpasiya kung aling akda ang mas mahusay o mas wastong naglalahad ng mga pangyayaring pangkasaysayan. Para kay White, ang antas ng historikal na representasyon, konseptuwalisasyon, at narasyon ay hindi nakadepende sa kalikasan ng datos na ginamit ng mga mananalaysay upang suportahan ang kanilang pagpapaliwanag. Sa halip, nakadepende ito sa kanilang paraan o estilo ng pagpapaliwanag na nagbibigay ng isang "explanatory affect" (p. 5). Ayon kay White (1988), ang representasyon ng mga pangyayari, karakter, at prosesong pangkasaysayan sa mga imaheng biswal tulad ng pelikula ay may natatanging wika at pamamaraang diskursibo na naiiba sa kumbensiyonal na representasyon ng kasaysayan sa pasalitang diskurso. Sa ganang ito, sinuri sa pag-aaral ang imahinasyong pangkasaysayan ng mga tagagawa ng pelikula, at isinaalang-alang ang mga biopic bilang mga naratibo o kuwento at hindi bilang mga historikal na tala o pananaliksik. Sapagkat ang mga pelikulang historikal ay mga likhang-sining, mali na aralin, suriin, at unawain ang mga ito gamit ang mga pamantayan ng "historical truthfulness" lamang (Campomanes, 2018). Gayunman, binanggit pa rin sa papel ang mga historikal na batis na gumabay sa mga tagagawa ng pelikula sa kanilang pagbuo ng naratibo. Sa pamamagitan nito, ipinakita na ang mga sinuring biopic ay hindi ganap na kathang-isip kundi bunga rin ng historikal na pananaliksik.

## Ilang Tala hinggil sa mga Piling Biopic

Mula sa mga pelikulang biyograpiko na ipinalabas noong dekadang 2010-2019, piniling suriin ng mga mananaliksik ang sumusunod na pelikula: (1) *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* ni Mario O'Hara (2010); (2) *Supremo* ni Richard Somes (2012); (3) *El Presidente* ni Mark Meily (2012); (4) *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* ni Enzo Williams (2014); (5) *Heneral Luna* ni Jerrold Tarog (2015); (6) *Goyo: Ang Batang Heneral* ni Jerrold Tarog (2018); at (7) *Quezon's Game* ni Matthew Rosen

(2018) (tingnan ang Pigura 1). Malay ang pagpili sa mga biopic na nagtatampok sa buhay ng mga itinuturing na "bayani" sa kasaysayan ng Pilipinas sapagkat ang mga ganitong uri ng biopic/talambuhay ang karaniwang itinuturing na "historikal." Ayon kay Salamanca (1993), ang mga talambuhay ng mga bayani ay mahahalaga at integral na bahagi ng historyograpikong literatura sa Pilipinas. Ganito rin ang maaaring sabihin sa kaso ng mas malawak na genre ng historikal na pelikula sa bansa sapagkat marami sa mga ito ang pumapaksa sa buhay ng mga bayani at sa papel na kanilang ginampanan sa mga partikular na yugto ng kasaysayan. Para kay Alvarez (2021), "[H]eroes . . . as historical texts, are subject to perennial critical appreciation and reevaluation" (p. 78), [Ang mga bayani . . . bilang mga tekstong historikal, ay saklaw ng palagiang kritikal na pagpapahalaga at muling pagtatasa] (akin ang salin). Nais din ng kasalukuyang pag-aaral na makibahagi sa gayong diskurso sa historyograpiyang Filipino.

Kung paghahambingin ang banghay ng mga sinuring biopic, kapansin-pansin ang ilang pagkakatulad. Sa mga pelikulang sumaklaw sa mga tagpo noong Himagsikang Filipino, partikular na ang *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (O' Hara, 2010), *Supremo* (Somes, 2012), *El Presidente* (Meily, 2012), at *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014), isinadula ang nangyaring halalan sa Tejeros na pinawalang-bisa ni Bonifacio, ang paglilitis sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio na pinaratangang nagtraydor sa Rebolusyonaryong Pamahalaan, at ang pagpataw sa kanila ng parusang kamatayan. Sa mga pelikula ring ito, ipinakita ang buhay ng mga pangunahing tauhan bago ang himagsikan hanggang sa sumiklab ito. Halimbawa, sa *Supremo* (Somes, 2012), ipinakita pa ang pagiging kuya ni Bonifacio sa mga nakababatang kapatid pagkatapos pumanaw ang kanilang mga magulang at ang kaniyang pagtatrabaho sa pagawaan ng mga baston. Itinampok din dito, gayundin sa *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014), ang pagtatatag ng *La Liga Filipina*, ang pagtatatag ng Katipunan, at ang Sigaw sa Pugadlawin. Ipinakita rin sa tatlong pelikula ang pag-iibigan nina Bonifacio at Oryang. Samantala, itinampok naman sa *El Presidente* (Meily, 2012) ang pagsisimula ni Aguinaldo bilang cabeza de barangay, ang kaniyang pagsali sa Katipunan, at ang palihim na pagsasagawa ng iba't ibang gawain ng Katipunan habang nanunungkulan bilang gobernadorcillo ng Cavite El Viejo. Sa mga pelikula namang sumaklaw sa panahon matapos ang ehekusyon ni Bonifacio, partikular na ang *El Presidente* (Meily, 2012) at Heneral Luna (Tarog, 2015), ipinakita ang unti-unting

pagbagsak ng pamahalaang kolonyal ng Espanya at ang pagpasok ng mga Amerikano. Sa ilang eksena, ipinakita sa dalawang pelikula ang pakikipag-ugnayan ng mga opisyal ng pamahalaan ni Aguinaldo sa mga opisyal ng Estados Unidos. Isinadula rin sa dalawang pelikula ang pag-atake ng mga sundalong Amerikano sa mga sundalong Filipino noong 4 Pebrero 1899 at ang mga sumunod pang labanan ng Digmaang Filipino-Amerikano. Higit sa lahat, isinalaysay rin sa mga pelikulang ito ang pagkamatay ni Luna, mula sa pagkakatanggap niya ng telegrama mula kay Aguinaldo na nagpapapunta sa kaniya sa Cabanatuan hanggang sa siya'y pagtulungang patayin ng mga kapuwa Filipinong sundalo.

**Pigura 1**

Movie Posters ng mga Sinuring Pelikula

Tala. Nagmula ang mga larawan sa Internet Movie Database (n.d.-a, n.d.-b, n.d.-c, n.d.-d, n.d.-e, n.d.-f, n.d.-g).

Umikot naman ang kuwento ng *Goyo* (Tarog, 2018) sa mga pangyayari matapos ang asasinasyon kay Luna. Kapuwa isinadula sa *El Presidente* (Meily, 2012) at *Goyo* (Tarog, 2018) ang lalong paglakas at pagbilis ng pag-abante ng mga sundalong Amerikano na nag-udyok sa grupo nina Aguinaldo at del Pilar na maglakbay pahilaga. Ipinakita sa ilang eksena kung paanong unti-unting nabawasan ang tropang Filipino; may mga nagkasakit at namatay. Isinadula rin sa dalawang pelikula ang Labanan sa Pasong Tirad kung saan natalo ang mga sundalong Filipino at napatay si del Pilar. Kapansin-pansin din ang pagsasadula kung paanong tinulungan ng isang katutubo, si Januario Galut, ang mga Amerikano upang makahanap ng alternatibong daan paakyat ng bundok. Kapuwa ring itinampok sa *El Presidente* (Meily, 2012) at *Goyo* (Tarog, 2018) ang pagkakadakip ng mga sundalong Amerikano kay Aguinaldo. Nasaklaw rin ng *El Presidente* (Meily, 2012) ang unang bahagi ng ika-20 siglo, ngunit mabilisan na lamang na ipinakita ang ilang pangyayari sa buhay ni Aguinaldo, tulad ng kaniyang muling pagpapakasal, paglahok sa halalang pampangulo, hanggang sa kaniyang pagpanaw. Sa mga biopic na sinuri, *Quezon's Game* (Rosen, 2018) ang lubusang nagpokus sa ika-20 siglo, partikular na ang mga dekada 30 at 40 bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Umikot ang kuwento sa mga tauhang sina Manuel Quezon, Alex Frieder, Paul McNutt, at Dwight Eisenhower na nagbalangkas ng isang plano upang sagipin ang libo-libong Hudyong refugees mula sa ehekusyon sa kamay ng rehimeng Nazi sa Alemanya.

Sa mga sinuring biopic, mapapansin ang mga natatanging pamamaraang ginamit sa pagpapausad ng naratibo. Halimbawa, sa *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (O' Hara, 2010), may isang tauhan—isang mahiwagang nilalang—na gumanap bilang tagapagsalaysay na pasulpot-sulpot sa mga mismong eksena (ngunit hindi nakikita ng mga tauhan) at tila nakikipag-usap sa mga manonood. Sa *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014) naman ay may pagsasalitan ng mga tagpo sa nakaraan (panahon ni Bonifacio) at panahong kontemporanyo na nagtampok sa kuwento ng isang binatang nagngangalang Joaquin, isang mag-aaral sa hay-iskul na tumungo sa Museo ng Katipunan kasama ang dalawa pang kaklase. Doon nila nakausap ang isang matandang lalaking tagapangasiwa ng museo na naging kaagapay nila sa pagbabalik-tanaw sa buhay ni Bonifacio. Malinaw naman ang pagiging awtobiyograpiko ng *El Presidente* (Meily, 2012) sa pamamagitan ng pagpapalitaw sa tinig ni Aguinaldo na nagpapaliwanag sa kaniyang panig hinggil sa ilang pangyayaring itinampok sa pelikula. Ang *Heneral Luna* (Tarog, 2015) at

*Goyo* (Tarog, 2018) naman ay gumamit ng isang piksiyonal na karakter, si Joven, upang makatulong sa pagpapausad ng naratibo at pagtatahi nito mula sa naunang pelikula patungo sa kasunod.

Bilang mga pelikulang batay sa mga pangyayari sa nakalipas, ang pagbuo ng naratibo ng mga lumikha ng mga sinuring biopic ay ginabayan ng historikal na pananaliksik. Karaniwan, ang mga biopic ay gumamit ng mga naisulat na talambuhay ng kanilang paksang bayani bilang sanggunian. Ayon kay Alvarez (2021), ang mga tekstong ito ang nagbibigay ng pundasyong historikal sa reinterpretasyon at reimahinasyon ng buhay ng mga bayani at nagsisilbing lunsaran ng kanilang bisyon at sentimyentong makabayan. Kadalasang binabanggit ang pamagat ng akda sa closing credits ng pelikula. Ang *El Presidente* ay batay sa awtobiyograpiya ni Aguinaldo, ang *Mga Gunita ng Himagsikan* (Meily, 2012), na unang inilimbag noong 1964, taon ng kaniyang pagpanaw, at muling inilimbag noong 1998. Sumangguni naman ang pelikulang *Heneral Luna* sa talambuhay ni Luna na isinulat ni Vivencio Jose, ang *The Rise and Fall of Antonio Luna* (Tarog, 2015), na unang inilathala noong 1972 at muling inilimbag noong 1999. Ang *Goyo* naman ay batay sa talambuhay ni del Pilar na isinulat ni Teodoro M. Kalaw, ang *Gregorio H. del Pilar: El Heroe de Tirad* na inilathala noong 1930 (TBA Studios, 2018). Inilathala noong 2019 ang salin ng akdang ito sa Ingles (mula Espanyol) ni Marcelino Foronda na pinamagatang *An Acceptable Holocaust: Life and Death of a Boy General*. Bukod sa mga akdang ito, binanggit din ng direktor ng *Heneral Luna* at *Goyo* na si Jerrold Tarog ang impluwensiya ng librong *A Question of Heroes* (unang inilathala noong 1977) ni Nick Joaquin sa pangkalahatang himig ng dalawang pelikula (TBA Studios, 2018). Samantala, hindi naman natiyak ng mananaliksik ang mga sangguniang ginamit sa pelikulang *Supremo*.

Walang binanggit na partikular na talambuhay sa ilang biopic na sinuri, katulad ng *Bonifacio: Ang Unang Pangulo*. Gayunman, sa tie-in na libro ng pelikula na may kaparehong pamagat (Anvil Publishing, 2014), inilimbag ang mga pananaliksik na pinagbatayan ng naratibo. Kabilang dito ang mga sulatin ni Michael Charleston "Xiao" Chua na "Ang Buhay ng Supremo: Isang Timeline ukol kay Andres Bonifacio," "Bonifacio: Ang Unang Pangulo," at "General Numero Uno: Andres Bonfacio," gayundin ang mga sanaysay ni Milagros Guerrero na "Andres Bonifacio and the Katipunan," "The Katipunan Revolution," "Surrender at Biak-Na-Bato," at "The Malolos Republic." Ang *Quezon's Game* naman ay

batay sa mga tesis at disertasyon hinggil sa paksa ng pelikula, gayundin sa komunikasyon sa mga inapo nina Alex at Herbert Frieder (Padayhag, 2019). Naging konsultant din ng pelikula si Lee Blumenthal ng Jewish Association of the Philippines (Rosen, 2018). Wala ring binanggit na partikular na teksto sa *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio*. Gayunman, sa isang rebyu ni Noel Vera (2016), binanggit niya ang katitikan ng paglilitis kay Bonifacio na pinagbatayan ng pelikula—ang *The court-martial of Andres Bonifacio: with prefatory notes* (1926) ni Teodoro M. Kalaw na isinalin ni Paz Policarpio-Mendez.

## Mga Modelo ng Pagsasakasaysayan ayon kay Nietzsche

Ipinapalagay sa pag-aaral na ito na ang mga historikal na pelikula, katulad ng mga piniling biopic tungkol sa mga bayani ng bansa, ay may pangkalahatang layuning maiugnay ang nakaraan sa kasalukuyan. Ayon kay Robert Rosenstone (1995), "[T]he visual media are a legitimate way of doing history—of representing, interpreting, thinking about, and making meaning from the traces of the past" (p. 3), [Ang biswal na midya ay lehitimong paraan ng pagsasakasaysayan—ng representasyon, interpretasyon, pag-iisip tungkol sa, at paglikha ng kahulugan mula sa mga bakas ng nakaraan] (akin ang salin). Nagsisilbi rin itong pangunahing tagapaghatid ng mga historikal na mensahe sa ating kultura (Rosenstone, 1995). Binigyang-diin naman ni Robert Toplin (2003) sa kaniyang pagsusuri ang malay na pagtatangka sa bahagi ng mga tagagawa ng pelikulang historikal na maiugnay ang kanilang likha sa kontemporanyong lipunan:

> Virtually all of cinematic history references the present when interpreting the past. Filmmakers attempt to show audiences the modern-day relevance of their historical interpretations. To make cinema meaningful to audiences, artists incorporate a variety of subtle hints about their stories' connections to current issues. (p. 83)

> [Sa katunayan, ang kabuuang kasaysayang pampelikula ay sumasangguni sa kasalukuyan kapag pinapakahulugan ang nakaraan. Tinatangka ng mga tagagawa ng pelikula na ipakita sa mga manonood ang kontemporanyong katuturan ng kanilang mga historikal na interpretasyon. Upang gawing makahulugan ang pelikula sa mga manonood, inihahalo ng mga artista ang iba't ibang

pahiwatig hinggil sa koneksiyon ng kanilang istorya sa mga napapanahong isyu.] (akin ang salin)

Sa larangan ng pilosopiya, isa ang Aleman na si Friedrich Nietzsche sa nagtaguyod ng historyograpiyang may partikular na kapakinabangan sa mga nabubuhay sa kasalukuyan. Bagama't naging aktibo si Nietzsche noong gitnang bahagi ng ika-19 siglo, ang kaniyang impluwensiya ay umabot hanggang sa ika-20 siglo at lumagpas pa hanggang sa kasalukuyang panahon (Bishop, 2012). Ang kaniyang mga kaisipan sa mga paksa tulad ng relihiyon, moralidad, epistemolohiya, ontolohiya, wika, kasaysayan, at iba pa ay patuloy na binabalikan at muling tinatasa. Partikular sa larang ng kasaysayan, si Nietzsche ay hindi lamang isang pilosopo ng kasaysayan kundi isa talagang propesyonal na historyador na nag-aral at nagsanay sa ilalim ng mga kilalang historyador at pilolohista ng kaniyang panahon sa Alemanya (Jensen, 2013). Tinuligsa ni Nietzsche ang siyentipikong pagtingin sa pagsusulat ng kasaysayan na itinaguyod ng mga positibista ng kaniyang panahon sa pangunguna ni Leopold Von Ranke (1795-1886) na nagbigay-diin sa pagsasalaysay ng kung ano talaga ang nangyari sa nakaraan (Congdon, 1973). Para kay Nietzsche, laging may partikular na silbi ang pagsulat ng kasaysayan sa sinumang nabubuhay na tao, i.e., lagi siyang may layuning tumutugon sa kaniyang kasalukuyang pangangailangan. Sumasalungat ito sa empirisismo at obhetibidad na naglalayong alisin ang anumang bahid ng human bias sa pagsusulat ng kasaysayan. Ang mga kaisipang ito tulad ng kay Nietzsche hinggil sa pagsulat ng kasaysayan ay umaalingawngaw pa rin sa mga ideya ng mga palaisip at historyador ng kontemporanyong panahon. Sa librong *Nietzsche's Philosophy of History*, ipinakita ni Anthony Jensen (2013) kung paanong ang pilosopiya ng kasaysayan ni Nietzsche ay nananatiling makabuluhan at nauna pa nga sa mga partikular na kontemporanyong posisyon hinggil sa historikal na obhetibidad, paglalarawan, at pagpapaliwanag. Halimbawa, ang mga postmodernong palaisip ng ika-20 siglo na ang mga ideya ay patuloy na sinasangguni hanggang sa kasalukuyan, tulad nina Roland Barthes (1915-1980), Michel Foucault (1926-1984), Jean-Francois Lyotard (1924-1998), at Jacques Derrida (1930-2004), ay tumuligsa sa konserbatibong pagtingin sa kasaysayan bilang repleksiyon ng mga totoong pangyayari ng isang ganap na obhetibong nakaraan (Jensen, 2013). Ang kanilang paniniwala—na ang historyograpiya ay binubuo ng mga naratibong nilikha batay sa mga umiiral na bias at estruktura ng kapangyarihan—ay may tatak ng impluwensiya ni Nietzsche (Jensen, 2013).

Partikular sa pagsusuri ng mga pelikulang historikal, isa ang pilosopo at teorista ng pelikula na si Gilles Deleuze (1925-1995) sa mga gumamit ng mga ideya ni Nietzsche hinggil sa kasaysayan. Minsang sinabi ni Deleuze (1968/1994): "The search for new means of philosophical expression was begun by Nietzsche and must be pursued today in relation to the renewal of certain other arts, such as the theatre or the cinema" (p. xxi), [Ang paghahanap ng mga bagong pamamaraan ng pilosopikal na pagpapahayag ay sinimulan ni Nietzsche at kailangan ding isagawa sa kasalukuyan kaugnay ng pagpapanibago ng mga partikular na sining, katulad ng teatro at pelikula] (akin ang salin). Ayon kay Marcia Landy (2001), naging lubusang impluwensiyal ang mga gawa ni Nietzsche, partikular na ang "The Use and Abuse of History," sa mga diskusyon tungkol sa historikal na representasyon, lalo na sa paghihimay ng mga anyo ng pagsasakasaysayan at ang kanilang ugnayan sa kaalaman at kapangyarihan noong ika-20 siglo. Sa naturang akda, sinabi ni Nietzsche (1873/1957) na kailangan natin ang kasaysayan para sa buhay at aksiyon, at hindi para sa komportableng pag-iwas dito. Ayon kay Nietzsche (1873/1957), mahalaga ang kasaysayan sa nabubuhay na tao sa tatlong paraan: (1) kaugnay ng kaniyang pagkilos at pagsusumikap, (2) kaugnay ng kaniyang konserbatismo at paghanga, at (3) kaugnay ng kaniyang pagdurusa at paghahangad ng kalayaan. Ang bawat isang paraan ay naaangkop sa isang partikular na modelo ng pagsasakasaysayan para kay Nietzsche: (1) monumental, (2) antikuwaryo, at (3) kritikal. Sa pamamalagay na ang nakaraang itinatampok sa biopic ay may kapakinabangan sa kontemporanyong lipunan, sinuri sa pag-aaral na ito ang mga napiling biopic batay sa tatlong modelong inilahad ni Nietzsche upang mapalitaw ang partikular na layunin ng tagagawa ng pelikula sa pagbabad sa kasaysayan sa pamamagitan ng kaniyang likha. Sa mga susunod na talata, tatalakayin ang mga bentaha at maging panganib na kaakibat ng bawat modelo ayon kay Nietzsche. Tatalakayin din, batay sa mga kaugnay na pag-aaral, kung paano maaaring mamutawi ang bakas ng mga modelong ito sa isang historikal na pelikula.

Nilalayon ng kasaysayang monumental na magbigay ng pag-asa sa mga nabubuhay sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa magigiting na salaysay ng nakaraan, katulad ng matatagumpay na digmaan, rebolusyon, o kuwento ng kabayanihan. Umuusbong ang ganitong paraan ng pagsasakasaysayan mula sa kawalang-kasiyahan o insatispaksiyon (dissatisfaction) ng tao sa kaniyang kinabibilangang panahon (Jenkins, 2014). Ayon kay Nietzsche (1873/1957), ang tao sa kontemporanyong

panahon, sa pamamagitan ng monumental na konsiderasyon ng nakaraan, ay nagkakaroon ng kaisipan na ang kadakilaang posible noon ay maaaring maging posible muli sa kasalukuyan. Samakatwid, ang kasaysayang monumental ay nagbibigay ng inspirasyon at lakas sa mga nababuhay na muling lumikha ng kagitingan. Sa kaniyang pagsusuri ng mga pelikulang historikal, sinabi ni Deleuze (1983/1986) na ang kasaysayang monumental ay may katangiang unibersal at nakatuon sa epekto nito sa isipan ng manonood sa modernong panahon. Ilan sa mga halimbawang ibinigay niya ang mga eksena ng pagkatalo ng Babilonia at ang pagwasak ni Samson sa templo ng Dagon. Pinapaboran din ng kasaysayang monumental ang mga analohiya o pagkakatulad sa pagitan ng dalawang sibilisasyon, na karaniwang nagtatampok sa mga dakilang tagpo ng sangkatauhan (Deleuze, 1983/1986). Sa isa ring pag-aaral ng mga pelikulang Amerikano mula huling dekada ng ika-19 siglo hanggang dekada 40, naobserbahan ni Jonathan Stubbs (2013) na karaniwang namutawi ang kasaysayang monumental sa pamamagitan ng paggamit ng espektakulo upang magpakita ng isang engrande at masaklaw na representasyon ng nakaraan. Sa pagninilay naman ni Landy (2001):

> Monumental history as purveyed in the cinema has certain defining characteristics. In its uses of narrative it relies on a vision of the past during moments of crisis and heroic conflict, and it reveals a penchant for the actions of heroic figures, such as Napoleon, Elizabeth I, Rembrandt, and Louis Pasteur. These figures come to define an age, and their actions are considered as models to be emulated. While unique, they are not isolated from the moral and social climate of their times; to the contrary, they are inseparably integrated into their era. In this view of history, there is often an implied contrast between the greatness of that past and the decadence of the present. (p. 3)

> [Ang kasaysayang monumental na inihahatid sa pelikula ay may ilang tiyak na katangian. Sa paggamit nito ng naratibo, nakabatay ito sa isang bisyon ng nakaraan sa mga sandali ng krisis at magigiting na tunggalian, at nagbubunyag ito ng pagkahilig sa mga pagkilos ng mga bayaning pigura, tulad nina Napoleon, Elizabeth I, Rembrandt, at Louis Pasteur. Ang mga pigurang

> ito ay nagbibigay-kahulugan sa isang panahon, at ang kanilang mga aksiyon ay itinuturing na mga modelong dapat tularan. Bagama't natatangi, hindi sila tiwalag sa moral at sosyal na klima ng kanilang panahon; sa katunayan, sila ay hindi maihihiwalay at nakabigkis sa kanilang panahon. Sa ganitong pagtingin sa kasaysayan, karaniwang may ipinahihiwatig na pagkakaiba sa pagitan ng kadakilaan ng nakaraan at kabulukan ng kasalukuyan.] (akin ang salin)

Sa kaniyang pagsusuri ng mga pelikulang Italyano, sinabi ni Landy (2000) na nagkakatulad ang mga pelikulang gumagamit ng kasaysayang monumental sa pagpukaw ng damdamin sa pamamagitan ng paggamit ng naratibo, imahen, at tunog, at sa pagbibigay-tuon sa masigla at masikhay na pagsisikap ng mga katangi-tanging indibidwal upang patnubayan ang mga pangyayari ng isang bansa sa ngalan ng sambayanan, sa pakikibaka upang matamo ang kapangyarihan, at sa karahasang nalilikha mula sa pakikibakang ito.

Gayunman, may mga panganib ding kaakibat ang hindi tama o abusadong paggamit ng kasaysayang monumental. Nangunguna na rito ang pag-iimbento ng mga salaysay ng kadakilaan. Nagbabala si Nietzsche (1873/1957): "[A]s long as the past is principally used as a model for imitation, it is always in danger of being a little altered and touched up and brought nearer to fiction" (p. 15), [Hangga't pangunahing ginagamit ang nakaraan bilang huwarang dapat pamarisan, ito ay nasa panganib na mabago nang kaunti, pagandahin, at gawing malapit sa kathang-isip] (akin ang salin). Ang ganitong kalabisan ay humahantong sa paggawa ng mga mito tungkol sa mga pangyayari ng nakaraan. Ayon kay Nietzsche (1873/1957), nabubuhay ang kasaysayang monumental sa pamamagitan ng mga huwad nitong analohiya. Maaari din itong humantong sa resignasyon o pagsuko ng mga nabubuhay habang inihahambing nila ang kasalukuyan sa isang ideyalisadong bersiyon ng nakaraan (Emden, 2006). Ang lubos ding pagdakila sa mga imahen ng nakaraan ay maaaring lumikha ng mga idolong sinasamba sa halip na mga huwarang dapat pamarisan at higitan ng mga nabubuhay sa kasalukuyan (Berkowitz, 1994). Dahil dito, hindi na sila gagawa ng mga bagong akto ng kabayanihan at mananatiling nararahuyo na lamang sa mga kuwento ng nakaraan na para bang ito'y isang gamot na nakamamanhid. Binigyang-diin ni Nietzsche na ang tunay na praktisyoner ng kasaysayang monumental ay hindi tumatalikod sa katotohanan bilang kaniyang pamantayan kundi

ipinakikita ang walang maliw na katotohanan tungkol sa kahusayan ng tao (Berkowitz, 1994).

Samantalang pinatitingkad ng kasaysayang monumental ang "dakila" at may tendensiyang humantong sa isang ideyal na kasaysayan, ang tanging layunin naman ng kasaysayang antikuwaryo ay preserbasyon lamang ng nakaraan. Sa madaling salita, ang preserbasyon ay hindi lamang isang bahagi ng proseso ng pagsasakasaysayan kundi ang pinakahuling layunin nito (Berkowitz, 1994). Abala ang antikuwaryong historyador sa pagsisinop ng lahat ng bagay sa nakaraan hanggang sa pinakamaliliit na detalye, at tinitingnan ang bawat isa bilang magkakapantay sa kahalagahan (Nietzsche, 1873/1957). Mula sa pagsusuri ni Deleuze (1983/1986) sa mga historikal na pelikula, ang kasaysayang antikuwaryo ay nakatuon sa intimidad o sa mas malalapit na detalye, tulad ng mga kaugalian, mga tela, mga kasuotan, mga makina, mga armas at kasangkapan, mga alahas, at iba pa. Ganito naman ibinuod ni Landy (1996) ang paggamit ng kasaysayang antikuwaryo sa historikal na pelikula:

> Like monumentalism, this form of historicizing makes a fetish of past objects, people, and events and dramatizes the impossibility of living in the present; but unlike monumentalism, antiquarianism strives to create the illusion of things as they 'really were' in the past. Monumentalism is willing to sacrifice fidelity for immediate effects. By contrast, antiquarianism is nostalgic in its attachment to exactitude… (p. 112)
>
> [Katulad ng monumentalismo, ang ganitong uri ng pagsasakasaysayan ay nagpapakita ng pagkahumaling sa mga bagay, tao, at pangyayari ng nakaraan, at isinasadula ang imposibilidad ng pagkabuhay sa kasalukuyan; ngunit hindi katulad ng monumentalismo, nagsisikap ang antikuwaryanismo na lumikha ng ilusyon ng mga bagay sa 'kung ano talaga' sila sa nakalipas. Handa ang monumentalismo na isakripisyo ang katapatan para sa mga kagyat na epekto. Samantala, ang antikuwaryanismo ay nostalhiko sa pagkabigkis nito sa kawastuhan…] (akin ang salin)

May kalakasan din naman ang modelong ito ayon kay Nietzsche. Una, nagsisikap itong magkaroon ng isang konkreto o tangible na rekonstruksiyon ng nakaraan, at pangalawa, sumusunod ito sa mga prinsipyo ng awtentisidad at totalidad (Emden, 2006). Gayunman, nagbabala si Nietzsche (1873/1957) na ang antikuwaryong pagtingin sa kasaysayan ay limitado at maaaring humantong sa pagtanggi sa anumang bagay na hindi gumagalang sa tradisyon. Sa madaling salita, ang antikuwaryanismo ay maaaring humantong sa labis na konserbatismo. Kapag nangyari ito, nawawala na ang kapakinabangan ng nakaraan sa mga nabubuhay sapagkat mas binibigyan ng priyoridad nito ang preserbasyon ng buhay sa nakaraan kaysa paglikha ng mga bagong anyo ng buhay sa kasalukuyan (Berkowitz, 1994). Samakatwid, ani Nietzsche (1873/1957), hinahadlangan ng kasaysayang antikuwaryo ang "mighty impulse to a new deed and paralyzes the doer" (p. 20), [ang makapangyarihang udyok ng bagong pagkilos at nilulumpo ang taong gumagawa ng kilos] (akin ang salin).

Kung ang monumental na historyador ay nagbibigay-diin sa mga positibo at maluwalhating aspekto ng nakaraan, at ang antikuwaryong historyador ay walang itinatangi kundi nagpapahalaga sa lahat ng bagay sa nakaraan, ang kritikal na historyador naman ay may eseptikong (skeptic) pagtingin sa kasaysayan. Tinitingnan ng kasaysayang kritikal ang mga nabubuhay sa kasalukuyan bilang produkto ng mga naunang henerasyon sampu ng kanilang mga kamalian, pagdurusa, at krimen (Nietzsche, 1873/1957). Ang tao, sa kaniyang kritikal na konsiderasyon sa nakalipas at sa nararanasan niyang pagdurusa sa kasalukuyan bilang di-maiiwasang bunga ng nakaraan, ay naglalayong husgahan ang kasaysayan. Ganito inilarawan ni Nietzsche (1873/1957) ang proseso ng panghuhusgang ito: "Man must have the strength to break up the past . . . in order to live. He must bring the past to the bar of judgment, interrogate it remorselessly, and finally condemn it" (p. 20-21), [Dapat magkaroon ang isang tao ng lakas na sirain ang nakaraan . . . upang mabuhay. Dapat niyang dalhin ang nakaraan sa hukuman ng katarungan, walang-awa itong siyasatin, at sa wakas ay tuligsain ito] (akin ang salin). Mapapansin na ang panghuhusga ng isang kritikal na historyador ay laging hindi pabor (at masasabi pa ngang "marahas") sa nakaraan. Naniniwala siya na: "For everything that is born is worthy of being destroyed: better were it then that nothing should be born" (Nietzsche, 1873/1957, p. 21), [Sapagkat lahat ng sumisilang ay nararapat na sirain, mas mainam nang walang isilang pa] (akin ang salin). Sa madaling salita, ang kritikal na

pagtrato sa kasaysayan ay pagbabaklas nito—isang akto ng pagpapalaya ng tao sa kaniyang sarili mula sa tanikala ng mga pagkakamali ng nakaraan. Sa kaniyang pagsusuri ng mga pelikulang Amerikano, nakita ni Deleuze (1983/1986) na ang kasaysayang kritikal ay nagtatampok sa mga tukso at lagim ng kasamaan. Sa kritikal na pagtrato sa kasaysayan, kinakailangan ang panghuhusga upang ibunyag kung ano ang lumilikha korupsiyon at kung ano ang lumilikha ng bagong buhay (Deleuze, 1983/1986). Samakatwid, ang kasaysayang kritikal ay nagbibigay ng malakas na panghuhusgang etikal upang tuligsain ang inhustisya ng nakalipas (Deleuze, 1983/1986). Gayunman, ayon kay Landy (2001), ang labis na paggamit ng kritikal na kasaysayan ay maaaring humantong sa desilusyon, ganap na pagtatwa sa nakaraan, at pagtanggi sa pag-unawa at pagtanggap sa mga imperpeksiyon. Dagdag pa niya:

> The cynicism that attends critical history lends itself to judgment and litigation rather than critical insight; on the positive side, this form of history can challenge prevailing and restrictive assessments of good and evil; on the negative side, when excessive, it inhibits alternative ways of thinking about the past. (Landy, 2001, p. 4)

> [Ang pang-uuyam na kaakibat ng kasaysayang kritikal ay tumatalima sa panghuhusga at pagsasakdal sa halip na kritikal na kabatiran; sa positibong dako, ang ganitong anyo ng kasaysayan ay maaaring humamon sa mga nangingibabaw at restriktibong pagtatasa ng mabuti at masama; sa negatibong dako, kapag labis-labis, hinahadlangan nito ang mga alternatibong paraan ng pag-iisip tungkol sa nakaraan.] (akin ang salin)

Bilang pagbubuod, ipinakikita ng Talahanayan 1 ang kalagayan ng taong nabubuhay at ang paggamit at pag-abuso niya sa bawat modelo ng pagsasakasaysayan ayon kay Nietzsche.

**Talahanayan 1**

Ang Paggamit at Pag-abuso ng Tao sa Kasaysayan ayon kay Nietzsche

| Modelo ng Kasaysayan | Kalagayan ng Tao | Paggamit | Pag-abuso |
|---|---|---|---|
| Monumental | Kumikilos at nagsusumikap | Pagbibigay-diin sa magigiting na salaysay ng nakaraan na karapat-dapat pamarisan o higitan pa sa kasalukuyan | Paggawa ng mga mito at ideyalisadong bersiyon ng nakaraan |
| Antikuwaryo | Konserbatibo at humahanga | Pagsisinop at preserbasyon ng lahat ng bagay sa nakaraan | Pagtanggi sa anumang hindi nakasusunod sa mga pamantayan ng tradisyon |
| Kritikal | Nagdurusa at naghahangad ng kalayaan | Paghuhusga at pagbaklas sa nakaraang puno ng kamalian, pagdurusa, at krimen | Pagiging "marahas" sa kasaysayan at hindi pagsasaalang-alang sa mga positibong aspekto ng nakaraan |

Sa tatlong modelo ng pagsasakasaysayan, alin ang pinakakapaki-pakinabang para sa nabubuhay? Lumilitaw na para kay Nietzsche, kasaysayang monumental ang natatanging kasaysayan na maaaring maging lingkod ng buhay, ngunit ang ganap na katuparan nito ay imposibleng makamit (Congdon, 1973). Ani Nietzsche (1873/1957), "If this monumental method of surveying the past dominates the others—the antiquarian and the critical—the past itself suffers wrong" (p. 15), [Kung pinangingibabawan ng monumental na paraan ng pagtingin sa nakaraan ang iba pa—ang mga metodong antikuwaryo at kritikal—ang nakaraan mismo ay magdurusa sa kamalian] (akin ang salin). Naniniwala si Nietzsche na kapaki-pakinabang ang kasaysayan sa mas mararangal na anyo ng buhay kung makatwirang gagamitin ang iba't ibang timpla ng monumental, antikuwaryo, at kritikal na kasaysayan (Berkowitz, 1994). Sa parehong tono, naniwala rin si Deleuze na ang mainam na

paggamit ng kasaysayan sa pelikula ay nangangailangan ng pagsasama-sama ng tatlong modelo ng pagsasakasaysayang ito. Ani Deleuze (1983/1986): "Finally, it is true that the monumental and antiquarian conceptions of history would not come together so well without the ethical image [of critical history] which measures and organises them both" (p. 150), [Sa huli, tunay na hindi mapagsasamang maigi ang monumental at antikuwaryong konsepsiyon ng kasaysayan kung wala ang etikal na imahen (ng kasaysayang kritikal) na sumusukat at nag-oorganisa sa kanilang pareho] (akin ang salin). Kung iuugnay naman ito sa pananalambuhay, sinasabi rin ni Edel na bagama't kadalasang bunga ng paghanga ang pananalambuhay, hindi laging napananatili ang "pagmamahal" (o ang monumental na pagtrato) ng mananalambuhay sa kaniyang bayani (McCulloch, 1985). Habang palalim nang palalim ang kaniyang pagkilala sa paksa, nagagalugad niya rin ang mga sulok ng pagkatao nito na hindi palaging maganda. Ayon kay Edel (1985, as cited by McCulloch, 1985), "Sometimes there is disenchantment and even hate; the biographer feels deceived" (para. 4), [Minsa'y may pagkadismaya at maging pagkamuhi; nakadarama ang mananalambuhay ng panlilinlang] (akin ang salin). Samakatwid, maaari ding maging kritikal ang pagtrato ng mananalambuhay sa kaniyang paksa. Katulad ng pagpapaalala ni Nietzsche sa makatwiran at timpladong paggamit ng monumental, antikuwaryo, at kritikal na kasaysayan, may paalala rin sa mga mananalambuhay si Edel (1981): "[B]iographers must struggle constantly not to be taken over by their subjects, or to fall in love with them . . . No good biography can be written in total love and admiration; and it is even less useful if it is written in hate." (p. 9), [Kailangang magsumikap palagi ang mga mananalambuhay na hindi mapangibabawan ng kanilang mga paksa o ibigin ang mga ito . . . Walang mabuting talambuhay ang isinulat nang may lubusang pagmamahal at paghanga, at mas hindi ito kapaki-pakinabang kung isinulat ito sa pagkamuhi] (akin ang salin).

## Mga Bakas ng Historyograpiyang Nietzschean sa mga Piling Biopic

### Kasaysayang Monumental

Isang katangian ng kasaysayang monumental ang pagbibigay-diin sa magigiting na salaysay ng nakaraan, katulad ng matatagumpay na digmaan, rebolusyon, o kuwento ng kabayanihan. Maraming tagpo sa mga sinuring biopic ang nagpapakita ng ganitong tema. Sa *Ang Paglilitis*

*ni Andres Bonifacio* (O' Hara, 2010), namutawi ang kasaysayang monumental sa analohiyang ginamit sa pagitan nina Bonifacio at Don Juan ng *Ibong Adarna*. Sapagkat bahagi ng kurikulum ng edukasyong sekundarya ang *Ibong Adarna*, maraming Filipinong makakikilala sa reperensiyang ito. Si Don Juan ang bayani ng kuwento na nakahuli sa Ibong Adarna na ang tinig ay nakapagpapagaling. Katulad ni Don Juan, si Bonifacio ay matulungin at maraming pinagdaanang labanan at pagdurusa. Ilang tagpo ang ginanapan ni Bonifacio bilang Don Juan sa pelikula: ang pagbibigay ng tinapay sa isang nanlilimos na matanda, ang pakikipaglaban sa isang higante (kung saan sinabi ng tagapagsalaysay na si Bonifacio ay matapang sapagkat may sugat sa balikat ngunit hindi "atakbo"), at ang pagtulong sa isang taong may sakit na ketong. Ang mga taong nakakikilala rin kay Don Juan ay makapagsasabing katulad niya, si Bonifacio ay pinagtaksilan din ng kaniyang mga kapatid—mga "kapatid" sa himagsikan na tumalikod sa kaniya noong siya'y nililitis at sinentensiyahan ng kamatayan. Makikita rin ang bahid ng monumental na kasaysayan sa huling eksena ng pelikula kung saan tinalukbungan ng tagapagsalaysay ng bandila ng Pilipinas ang bangkay ni Bonifacio. Ipinakikita nito ang pagtatangka ng mga tagagawa ng pelikula na ipakilala si Bonifacio hindi lamang bilang bayani ng Katipunan kundi bayani ng kontemporanyong lipunang Filipino.

Sa pelikulang *Supremo* (Somes, 2012), namutawi ang monumental na konsiderasyon sa paksa sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga katangian ni Bonifacio na karapat-dapat pamarisan. Sa simula pa lamang ng pelikula, ipinakita na ang pagiging matulungin ni Bonifacio. Sa isang eksena, habang naglalakad si Bonifacio sa mga lansangan ng Maynila, may nakasalubong siyang mga dayo mula sa Kalookan na may mabigat na bitbit. Tinulungan niya ito nang walang pag-aalinlangan, hanggang humantong pa nga sa kaniyang pagkakakulong nang harangin sila ng mga opisyal-militar. Ipinakilala rin ng pelikula si Bonifacio bilang isang marangal na manggagawa. Sa isang eksena sa pagawaan ng baston, nagalit si Bonifacio sa mga kasamahan dahil hindi maganda ang kalidad ng kanilang gawa. Aniya, kung gusto nilang galangin, ipakita dapat nilang mayroon silang talino at determinasyon. Isa itong halimbawa ng pagbibigay ng inspirasyon at lakas sa mga nababuhay na isa sa mga katangian ng kasaysayang monumental. Nararapat lamang ding banggitin na sa mga biopic hinggil kay Bonifacio, *Supremo* (Somes, 2012) lamang ang nagpakita ng ganitong dimensiyon ng buhay ni Bonifacio. Isinadula rin sa pelikula ang mga susing tagpo sa kasaysayan ng himagsikan. Nang

mabunyag sa mga Espanyol ang pag-iral ng Katipunan, ipinag-utos ni Bonifacio na simulan na ang rebolusyon. Sa kabila ng kakulangan sa mga kasapi at armas, sinabi ni Bonifacio na sapat na ang katapangan ng mga "Tagalog" at ang tanging humahadlang sa kanila ay takot buhat ng pag-aalinlangan. Nang madakip si Jose Rizal at nabigo ang repormang itinaguyod ng La Liga Filipina, sinabi ni Bonifacio na bubuo sila ng isang hiwalay na samahan ng "magigiting na Tagalog" na ang pangunahing layunin ay makamit ang tunay na kalayaan. Isinadula rin ang pagtatatag ng Katipunan kung saan ginamit ng mga Katipunero ang kanilang sariling dugo at ipinakita ang proseso ng inisasyon sa mga nais umanib sa Katipunan. Kailangan na raw humawak ng armas upang makalaya sa tanikala ng Espanya, at kung kinakailangan, mamatay at pumatay para sa bayan. Ang mga linyang katulad nito ay nakaaambag sa pagbubuo ng isang imahen ni Bonifacio bilang isang magiting na tao. Isinadula rin ang Sigaw sa Pugadlawin kung saan pinunit ng mga Katipunero ang kanilang sedula sa isang emosyonal na eksena at pagbubunyi sa kalayaan.

Mapapansin naman kaagad ang bahid ng kasaysayang monumental sa pamagat pa lamang ng *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014). Ang pagpapakilala kay Bonifacio bilang unang pangulo ng Pilipinas ay sumasalungat sa mga nasusulat sa mga teksbuk ng kasaysayan na nagsasabing si Emilio Aguinaldo ang unang pangulo. Ang posisyong ito ay pinanghawakan na mula pa noong dekada 90 ilang historyador, tulad nina Milagros Guerrero, Ramon Villegas, at Emmanuel Encarnacion, na nagsabing noong sumiklab ang himagsikan noong 24 Agosto 1896, ang Katipunan na nagsimula bilang isang lihim na samahan ay naging isang pamahalaang rebolusyonaryo, kaya ang pinuno noon ng Katipunan ang siyang naging pangulo (Chua, 2014). Ayon sa kanila, ang pamahalaang pinamunuan ni Bonifacio ang pinagmulan ng mga pamahalaang sumunod dito, kabilang na ang Republica Filipina ni Aguinaldo na reorganisasyon lamang ng Republika ng Katagalugan ni Bonifacio (Guerrero et al., 1996/2003). Para kina Guerrero et al. (1996/2003), inagaw ni Aguinaldo ang pamumuno ni Bonifacio. Ganito rin ang pananaw ni Zeus Salazar (2004), na tiningnan ang pang-aagaw ni Aguinaldo at ang resultang pamahalaan nito bilang pagtatatag ng estadong "malayo't papalayo nang papalayo sa mithiin ng Inang Bayan" (p. 16) ni Bonifacio. Sa isang petisyong naglayong itaguyod ang pagkilala kay Bonifacio bilang unang pangulo ng Pilipinas, sinabi ni Chua (2014) na:

> Ang pagkilala sa pagkapangulo ni Bonifacio ay pagkilala sa isang uri ng gobyernong hindi lang kinopya sa Kanluraning istilo ng demokrasya kundi isang konseptong nanggaling sa atin—na ang pagtataguyod sa puri at kabanalan ay magdudulot ng kaginhawaan na siya namang magdudulot ng tunay na kalayaan. (p. 38)

Ang pagkukuwento rin sa *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014) tungkol sa buhay ni Bonifacio mula sa perspektiba ng mga tauhan sa kontemporanyong panahon (i.e., Joaquin, mga kaklase, at matandang tagapangasiwa ng Museo ng Katipunan) ay nagpapakita rin ng pagtatangka ng pelikula na itanghal ang kabayanihan ni Bonifacio sa kasalukuyang lipunang Filipino. Ipinakita rin sa pelikula ang sarili nitong bersiyon ng pagsasadula ng mahahalagang tagpo sa kasaysayan ng himagsikan. Mapapansin sa mga linyang ginamit sa pelikula ang monumental na pagtrato nito sa indibidwal na paksa. Halimbawa, sa pagtatatag ng Katipunan, sinabi ni Bonifacio na hindi sila dapat matakot sa kamatayan at isiping sila'y malakas, matibay, at makapangyarihan bilang mga anak ng bayan. Sa eksena ng Sigaw sa Pugadlawin, sinabi niyang kulang man sila sa sandata, lalaban sila hanggang sa huling hininga bilang mga tunay na nagmamay-ari sa bayang Pilipinas. Noong dinala ang magkapatid na Andres at Procopio sa kagubatan upang isakatuparan ang sentensiyang kamatayan, binibigkas bilang voice over ang mga linya sa tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Nang tatagain na sa likod si Bonifacio, sumigaw siyang huwag papatayin nang nakatalikod. Marahil, isa itong paraan upang ipakita na hindi karapat-dapat si Bonifacio sa ganoong uri ng pagkamatay sapagkat hindi siya isang traydor ng bayan. Habang pinagsasaksak si Bonifacio, maririnig muli ang mga huling linya ng tula na, "Kung sa pagtatanggol, buhay ay mailit, ito'y kapalaran at tunay na langit." Bukod sa pagiging bayani ng himagsikan, ipinakita rin ng pelikula si Bonifacio bilang isang taong huwaran ng pagmamahal sa pamilya. Sa isang eksena habang natutulog ang kaniyang mga nakababatang kapatid, sinabi ni Bonifacio na ipinapangako niyang balang araw ay hindi na nila kailangang lumuhod pa sa mga Espanyol at ang mga susunod na henerasyon ng mga Filipino ay magiging malaya. Noong hiniling naman ni Teodoro Plata ang mga kamay ni Nonay, ipinakita ang lubos na pagmamahal at pagprotekta ni Bonifacio sa nakababatang kapatid na babae bago pumayag sa kagustuhan ng magkasintahan. Ipinakita rin ang labis na pagmamahal ni Bonifacio kay Oryang mula sa panliligaw rito hanggang sa paghingi

sa kamay nito mula sa tatay ni Oryang na noong una'y ipinagtabuyan siya dahil isa daw siyang mason at erehe. Bilang isang tatay, ipinakita rin ang labis na pagdadalamhati ni Bonifacio nang mamatay ang kanilang anak noong siya'y wala sa piling ni Oryang. Dahil dito, itinanong ng mga kaklase ni Joaquin kung bakit inuuna palagi ni Bonifacio ang pagiging isang "bayani," ngunit sinabi ng matandang tagapangasiwa ng museo na para kay Bonifacio, ang paglaban para sa bayan ay paglaban din para sa pamilya. Gumamit din ang pelikula ng isang mitolohikal na kuwento upang ilarawan ang karanasan ng paksang indibidwal. Sa isang eksena, nagkukuwento sa mga Katipunero ang isang matandang lalaki tungkol kay Bernardo Carpio. Katulad ni Bonifacio, si Carpio ay lumaban sa mga Espanyol. Sa dulo ng pelikula, lubusang namutawi ang monumental na pagsasaalang-alang sa kuwento ni Bonifacio. Habang ipinakikita ang mga artefakto ng Katipunan na nasa museo, maririnig ang tinig ni Bonifacio na nag-iiwan ng tanong sa mga manonood: "Buhay ang aking inalay para ipaglaban ang ating kalayaan. Ikaw, anong kaya mong gawin para sa inang bayan? Dahil hindi pa tapos ang rebolusyon!" May mga taong sumigaw rin ng, "Hindi pa tapos ang rebolusyon!" Sa huling pagpapakita ng kadakilaan ni Bonifacio, makikita sa dulong eksena ng pelikula ang pangunguna ni Bonifacio sa mga Katipunerong lumulusob habang hawak ang bandila ng Katipunan na biglang nagbagong-anyo bilang kasalukuyang bandila ng Pilipinas.

Ayon kay Nietzsche (1873/1957), ang monumental na kasaysayan ay may tendensiyang maging mitolohikal sa pagtatangka nitong dumakila ng isang tao o pangyayari sa nakaraan. Sa pelikulang *El Presidente* (Meily, 2012), kapansin-pansin ang maalamat na katangian nito. Sa umpisa pa lamang ng pelikula, sinabing si Aguinaldo ay isang "maalamat na bayani" at mahusay na heneral na matagumpay na namuno sa rebolusyong Filipino. Gumamit ng isang piksiyonal na karakter ang pelikula upang malaepikong maisalaysay ang buhay ni Aguinaldo. Noong siya'y cabeza de barangay pa lamang, may nakilalang isang matandang babae si Aguinaldo. Binigyan siya nito ng isang anting-anting at isang propesiya. Ayon sa matanda, mahaba ang buhay ni Aguinaldo, pero marami siyang makakaaway dahil sa kaniyang paniniwala. Ngunit marami rin daw ang magmamahal sa kaniya. Mayroon siyang tatlong babaeng mamahalin, pero ang babaeng pinakamahal niya sa tatlo ay hindi niya mapakakasalan. Maghahari daw siya sa isang kahariang hindi niya pamumunuan, at marami ang magtatangkang agawin ang kahariang iyon. Ipinakita sa pelikula na ang tatlong babaeng minahal niya ay

sina Hilaria, Maria, at ang Pilipinas na isinatao bilang Inang Bayan. Sa ganang talinghaga, hindi niya "napakasalan" ang Inang Bayan, ang babaeng pinakaminahal niya, sapagkat hindi siya ang naging kabiyak/pinuno nito nang makamit ng Pilipinas ang kasarinlan. Ito marahil ang sinasabi ng matanda na paghahari sa isang kahariang hindi niya pamumunuan. Ipinakita rin sa pelikula ang mga tauhang naging "banta" sa pamumuno ni Aguinaldo—sina Bonifacio at Luna. Isinadula rin sa pelikula ang mga labanang pinangunahan ni Aguinaldo. Gumamit din ang pelikula ng mga dakilang linya. Halimbawa, noong may nagsabing hindi pa sila handang mag-aklas laban sa Espanya, sinabi ni Aguinaldo na mas gugustuhin niya pang lumaban nang hindi pa hinog kaysa tumanda sa isang bulok na pamamahala. Ani Aguinaldo, hindi hilaw ang mangarap na maging malaya. Isa pang monumental na eksena sa pelikula ang pagdedeklara ni Aguinaldo sa kalayaan ng Pilipinas. Sa isang montage, ipinakita ang pagtahi sa watawat ng Pilipinas, ang pagsulat ng pambansang awit, at ang pagsuko ng mga puwersang Espanyol. Nang iwagayway ni Aguinaldo ang watawat sa Kawit, Cavite, pinatugtog ang marcha nacional—isang tagpong punong-puno ng sigla at pag-asa. Hanggang sa mga huling taon ng kaniyang buhay, nahiraya pa rin ni Aguinaldo ang kaniyang pagwawagayway ng watawat. Habang nakaratay sa higaan at lubos na nanghihina, nakita niyang muli ang matandang babaeng nagbigay sa kaniya ng anting-anting—ang Inang Bayan. Sa dulo ng pelikula, sa isang matalinghagang eksena, kasama ni Aguinaldo sa isang bangka ang Inang Bayan habang iwinawagayway niya ang watawat ng Pilipinas.

Itinanghal naman sa *Heneral Luna* (Tarog, 2015) ang paksa nito bilang isang taong may labis na katapatan sa bayan at paninindigan anuman ang kapalit nito. Hindi niya alintana kahit makabangga ang mga kasamahan sa kilusan laban sa mga Amerikano kahit pa ang mismong presidente. Sa isang eksenang nagpupulong ang mga miyembro ng gabinete ni Aguinaldo, buo ang pasiya ni Luna na labanan ang mga Amerikano habang ang ilan sa kaniyang mga kasamahan, katulad nina Felipe Buencamino at Pedro Paterno na may mga pinangangalagaang negosyo, ay nais pang makipag-usap nang mapayapa sa mga ito. Dito binitawan ni Luna ang linyang tumatak sa mga manonood: "Negosyo o kalayaan, bayan o sarili? Pumili ka!" (Tarog, 2015, 00:06:10). Umabot pa sa puntong ipinag-utos ni Lunang arestuhin at ikulong ang dalawa dahil sa pagtataksil. Katulad ng mga naunang biopic na tinalakay, ipinakita sa pelikula ang pangunguna ni Luna sa mga labanan. Sa isang

labanan sa Maynila na itinampok sa pelikula, makikita rin ang malasakit ni Luna sa kaniyang mga sundalo. Habang isa-isang namamatay ang mga sundalong Filipino, kinuha ni Luna ang kaniyang kabayo at mag-isang sumugod. Nagbigay ito ng inspirasyon sa mga natitirang sundalo na umabante rin. Pinuri ng mga Amerikano ang ginawa ni Luna at sinabing siya ang pinakamatapang na Filipinong nakita nila. Itinanghal din sa pelikula si Luna bilang may labis na pagpapahalaga sa disiplina na tiningnan ng marami bilang kayabangan. Isa sa mga tauhang kinastigo ni Luna si Kapitan Pedro Janolino na hindi tumalima sa utos na magpadala ng karagdagang sundalo mula sa Kawit sapagkat sa isang Kabitenyo lamang daw ito susunod. Ipinakita rin sa pelikula si Luna bilang isang taong maprinsipyo at may isang salita. Nang malaman niyang pinalaya na sina Buencamino at Paterno, pumunta si Luna kay Aguinaldo at nagbitiw bilang pinuno ng hukbong sandatahan sapagkat ang dalawa'y nagsusulong ng aneksasyon habang ang mga sundalong Filipino ay namamatay. Ngunit maging si Aguinaldo ay aminadong si Luna ang pinakamatapang at pinakamahusay niyang heneral kung kaya't hindi niya tinanggap ang pagbibitiw. Marahil, ang pinakahuling eksenang nagpakita ng monumental na pagtrato ng pelikula kay Luna ay ang kaniyang pagkamatay. Habang siya'y ilang beses na pinagbabaril at pinagtataga, nanatili siyang nakatayo at nagtangka pa ring lumaban.

Sa lahat ng pelikulang sinuri sa pag-aaral, pinakakaunti ang bakas ng monumental na pagtrato sa paksa sa *Goyo: Ang Batang Heneral*. Katulad ng tatalakayin sa mga susunod na bahagi ng papel, ang *Goyo* (Tarog, 2018) ay isang kritisismo sa ideya ng "bayani." Gayunman, makikita pa rin ang mga bakas ng pagdakila kay del Pilar sa pelikula. Sa maraming bahagi ng pelikula, madalas ipaalala ng kapatid kay del Pilar na siya "Ang Agila," bayaning Bulakenyo at may dugong magiting. Nang siya'y hiranging komandante ng Pangasinan, nagdaos ng pista upang ipagdiwang ang kadakilaan ng batang heneral. Dumating si del Pilar sakay ng isang kabayo at nagpaikot-ikot habang nagbubunyi ang taumbayan—isang eksenang angkop sa esteryotipikong imahen ng isang magiting na bayani. Nagkaroon ng pagtatanghal sa entablado tungkol sa kabayanihan ni del Pilar. Ngunit ipinakita rin naman si del Pilar bilang bayaning tunay na namuno sa labanan. Nang tinangka niyang pigilan sa pag-abante ang mga Amerikano, pinangunahan ni del Pilar ang pagpaplano at pagtitipon ng mga matatapang na sundalong sasama sa kaniya. Sa parteng ito ng pelikula, tinanggihan ni del Pilar ang ideya ng bayaning nasa pedestal. Aniya, walang "bayani" sa bundok

na iyon (maging ang kaniyang sarili) kundi mga sundalong lalaban para sa bayan. Sa dulo ng pelikula, habang binabasa ni Remedios ang sulat ni del Pilar, sinabi niyang namatay siyang nagbibigay-puri sa bayan—isang akto ng redensiyon sa sarili matapos lubusang malunod sa pagiging isang "bayani."

Itinanghal naman si Manuel Quezon sa *Quezon's Game* (Rosen, 2018) bilang isang pinunong gagawin ang lahat ng kaniyang makakaya upang tulungan ang mga taong nakararanas ng persekusyon kahit ang kapalit nito'y kaniyang kalusugan at karera. Sa pelikula, ipinakita ang pagiging matapang at determinado ni Quezon sa kabila ng pagiging presidente ng isang bansang nasa mga kuko pa rin ng Imperyalismong Amerikano. Sa harap ng dalawang makakapangyarihang bansa–Estados Unidos at Alemanya sa ilalim ng rehimeng Nazi–nagpamalas si Quezon ng paninindigang masagip ang libo-libong Hudyong refugee. Katulad ng ibang biopic na sinuri, gumamit ng mga dakilang linya ang pelikula upang makadagdag sa pagbubuo ng bayaning imahen ni Quezon. Noong nagpaplano sila ng kaniyang mga kaibigan kung paano makukuha ang mga visa para sa mga inmigrante, ani Quezon, "Hitler has taken enough from the world. Why don't we take something from Hitler?" (Rosen, 2018, 00:46:40). Noong ipinahayag ni Osmeña ang kaniyang pagtutol sa plano ni Quezon sapagkat may mga problema rin ang mga Filipinong dapat unahin, sinabi ni Quezon, "Our people have rights, Sergio. The Jews do not" (Rosen, 2018, 01:14:46). Marahil ang bahagi ng pelikula na lubusang nagpakita ng pagmamalasakit ni Quezon para sa mga Hudyo ay noong hindi naaprubahan ng Estados Unidos ang mga visa para sa lahat ng refugee. Nagwala siya sa kaniyang opisina, at lumubha ang kaniyang kondisyon dahil sa tuberkulosis. Gayunman, hindi nito napigilan ang determinasyon ni Quezon. Kahit nanghihina, hindi siya sumuko upang masagip ang mga refugee. Sa kaniyang ibrinodkast na talumpati, humarap siya sa sambayanang Filipino bilang isang tunay na lider na handang tumaliwas sa pasiya ng kanilang kolonisador. Bukod sa kaniyang kalusugan, naapektuhan ng isyu ang karerang politikal ni Quezon, ngunit hindi niya alintana ito. Habang nangyayari ang planong pagsagip sa mga refugee, ipinakita rin sa pelikula ang pagtataguyod ni Quezon sa mabilis na pagkakamit ng Pilipinas sa kalayaan. Ito raw ang dapat na priyoridad nina Osmeña at Roxas sa kanilang pagpunta sa Estados Unidos. Sa isang emosyonal na eksena, ginising ni Quezon si Osmeña sa katotohanang mababa ang pagtingin ng mga Amerikano sa kanilang mga Filipino, at nananatili pa rin ang diskriminasyon laban sa

kanila. Hanggang sa mga huling taon ng kaniyang buhay, nanatili kay Quezon ang malasakit sa mga Hudyo. Sa dulo ng pelikula, ipinahiwatig ang monumental na pagsasaalang-alang ng pelikula kay Quezon nang sabihing hinding-hindi malilimutan ng mga Filipino ang kaniyang mga ginawa sa mga panahong lahat ay nagsawalang-bahala.

**Kasaysayang Antikuwaryo**

Sa paghahanap ng mga bakas ng kasaysayang antikuwaryo, nakatuon ang manonood sa pagiging "matapat" ng biopic sa mga katotohanang pangkasaysayan (historical facts). Ito ang katangiang naghihiwalay sa kasaysayang antikuwaryo sa mga kasaysayang monumental at kritikal. Samantalang may tendensiyang gumamit ng mga piksiyonal na elemento ang kasaysayang monumental at kritikal sa pagtatangkang dumakila (monumental) at magwasak (kritikal), itinatanghal ng kasaysayang antikuwaryo ang sarili nito bilang awtentikong dokumentasyon ng nakaraan. Dahil sa preserbatibo at konserbatibong katangian ng kasaysayang antikuwaryo, sinisikap nitong maging repleksiyon ng mga aktuwal na nangyari sa malayong lumipas. Sapagkat lahat ng biopic na sinuri ay may antas ng pagdakila/kritisismo sa napiling bayani, mahirap tantiyahin kung gaano kalapit sa katotohanan ang bawat isa. Dapat tandaan na ang mga ito'y literaryong rekonstruksiyon hindi lamang ng buhay ng paksa kundi ng mga bahagi ng pambansang kasaysayan. Sa ganang mananaliksik, hindi kailangang lubos na alalahanin ang pagsasalaysay ng kung ano talaga ang nangyari sa kaso ng isang biopic sapagkat bilang mga taong nabubuhay sa kasalukuyan, mahirap maakses ang nakaraan sa kabuuan nito. Karaniwan, ang pagpuno sa mga puwang ay nakabatay na sa sariling deskarte ng mananalambuhay/manunulat/tagagawa ng pelikula sa kanilang pagsasaalang-alang sa layunin ng teksto at kohesyon ng naratibo.

Gayunman, kinakitaan ang ilang sinuring biopic ng pagtatangkang itanghal ang sarili bilang "wastong" kuwento hinggil sa buhay ng kanilang napiling paksa. Makikita ito sa mga paunang salita na karaniwang matatagpuan sa sa umpisa ng pelikula. Halimbawa, sa *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio*, sinabing ang pelikula raw ay isang "faithful reproduction of the accounts of the criminal case against Andres Bonifacio and Procopio Bonifacio" (O'Hara, 2010, 00:00:28 ), [matapat na reproduksiyon ng mga tala hinggil sa kaso laban kina Andres Bonifacio at Procopio Bonifacio] (akin ang salin). Hindi rin daw ito nagtanggal ng anumang "substantial detail of the transcript of records of the trial" [mahalagang detalye sa transkrip ng paglilitis] (O'Hara, 2010, 00:00:35;

akin ang salin). Sa malaking bahagi ng pelikula, itinampok ang bawat araw ng paglilitis at isinadula ang interogasyon sa bawat indibidwal na humarap sa pagdinig. Ang presensiya rin ng isang tagapagsalaysay sa pelikula ay may bakas ng kasaysayang antikuwaryo sapagkat panapanahon itong nagbibigay ng karagdagang impormasyong historikal upang ipaliwanag ang nangyayari sa eksena. Sa *El Presidente* (Meily, 2012), binanggit sa umpisa ng pelikula na ito'y unang "true-to-life" na kuwento ng unang presidente ng Unang Republika ng Pilipinas. Dahil ang malaking bahagi ng pelikula ay batay sa mga personal na gunita ni Aguinaldo, madalas ding magsalaysay ng mga impormasyong historikal si Aguinaldo bilang tagapagsalaysay. Binigyang-diin naman sa umpisa ng *Heneral Luna* (Tarog, 2015) na ang pelikula'y isang katha batay sa katotohanan. Ayon dito, "This film is a work of fiction based on facts. Liberties have been taken with the depiction of historical figures and the order of events. While historical accuracy is important, there are bigger truths about the Filipino nation that can only be reached by combining the real and the imaginary" (00:00:36-00:00:49), [Nagkaroon ng kalayaan sa depiksiyon ng mga historikal na karakter at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Samantalang mahalaga ang historikal na kawastuhan, may mas malalaking katotohanan tungkol sa bayang Filipino na maaari lamang maabot sa pamamagitan ng pagsasanib ng totoo at kathang-isip] (akin ang salin). Ganito rin ang paalala sa simula ng *Goyo* (Tarog, 2018), na ang pelikula'y nagsasanib ng katotohanang pangkasaysayan at mga elementong piksiyonal. Ang *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014), bagama't walang ganitong uri ng disclaimer sa umpisa, ay kakikitahan naman ng antikuwaryong pagtrato sa paksa sa pamamagitan ng paggamit sa Museo ng Katipunan bilang lunsaran ng kuwento. Madalas na ang pagbabalik-tanaw ng mga kontemporanyong tauhan sa nakaraan ay nakabatay sa artefaktong kanilang nakita sa museo, katulad ng liham ni Oryang, mga sedula ng mga Katipunero, mga larawan, at iba pa.

Kapansin-pansin din ang katangiang antikuwaryo sa dulo ng mga biopic kung saan inilalahad na lamang sa anyong enumerasyon ang mga susunod na pangyayaring pangkasaysayan. Halimbawa, sa *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (O' Hara, 2010), binanggit sa dulo na ikinasal si Oryang kay Julio Nakpil at natalo si Aguinaldo sa pampanguluhang eleksiyon noong 1935. Nilinaw din na hindi kailanman natagpuan ang bangkay ni Bonifacio. Sa dulo naman ng *El Presidente* (Meily, 2012), sinabing namatay si Aguinaldo sa edad na 94 noong 6 Pebrero 1964.

May paglilinaw rin na noong halalan sa Tejeros, walo lamang ang kinatawan mula sa mga Magdalo sapagkat karamihan sa mga kasapi nito'y nakikipaglaban sa Dasmariñas. Si Aguinaldo lamang daw ang nanalong Magdalo sa halalan at ang iba'y puro Magdiwang na. Binanggit naman sa dulo ng *Quezon's Game* (Rosen, 2018) na nakapagsagip sina Quezon at mga kaibigan ng mahigit 1,200 Hudyong *refugee*, at nais pa sana nilang magsagip ng mas marami ngunit naantala ito ng pananakop ng mga Hapon. Inisa-isa rin ang mga pangunahing tauhan ng pelikula at binanggit ang mga nangyari sa kanila matapos ang pagsasagip sa mga refugee. Kabilang dito sina Quezon, asawang si Aurora, magkapatid na Frieder, Paul McNutt, at Dwight Eisenhower. Sinabi rin na noong 2009, nagtayo ang Israel ng Open Door Monument bilang pagkilala kay Quezon at sambayanang Filipino. Sa closing credits, nagpalabas din ng mga video ng panayam sa mga aktuwal na refugee na kasama sa mga sinagip ni Quezon.

Nararapat ding banggitin na sa lahat ng pelikulang sinuri, karaniwang makikita ang mga subtitulong nagpapahayag ng petsa/taon at/o lugar kung saan naganap ang isinasadulang pangyayari sa kasaysayan upang magabayan ang manonood. Ipinakikita nito ang preserbatibong aspekto ng kasaysayang antikuwaryo na may pagpapahalaga sa kronolohiya.

**Kasaysayang Kritikal**

Tinitingnan ng kasaysayang kritikal ang kasalukuyan bilang produkto ng mga kamalian ng nakaraan. Bilang mga malikhaing interpretasyon ng mga pangyayari sa kasaysayan, makikita sa mga sinuring biopic ang ilang bakas ng paghuhusga at pagtuligsa hindi lamang sa bayani ng kuwento kundi pati na rin sa iba pang tauhan at pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.

Ipinakita sa *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* (O' Hara, 2010) ang pagtataksil ng mga kasamahan ni Bonifacio na nagdiin sa kaniya sa hukuman. Ipinakita rin sa pelikula ang sentimyento ng ilang taumbayan na nais lamang daw pabagsakin ni Bonifacio ang Pamahalaang Rebolusyonaryo ni Aguinaldo, at inggit lamang daw si Bonifacio kay Aguinaldo sapagkat siya'y talunan at walang ipinanalong laban. Kahit si Ciriaco, kapatid ni Bonifacio, ay nagsabing si Bonifacio mismo ang sumira sa kaniyang sarili sapagkat masyado daw itong mapusok– ipinaaresto ni Bonifacio ang mga opisyal ni Aguinaldo na sumuko sa mga Espanyol at ipinasunog ang bayan ng Indang. Ang paglalarawan kay Bonifacio bilang mapusok ay lumitaw rin sa *Supremo* (Somes, 2012). Nang may natuklasan si Bonifacio na mga bangkay sa kagubatan, nais

agad sugurin ni Bonifacio ang mga sundalong Espanyol sa di-kalayuan, ngunit pinigil siya ng mga kasamahan at sinabing walang maibubunga ang padalos-dalos na pagsalakay. Sa *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* (Williams, 2014), ipinakita naman ang pagkamatay ng maraming Katipunero sa isang labanan dahil sa pagsugod nang walang sapat na armas. Sa tatlong pelikulang ito, namutawi ang tema ng pagtalikod ng mga Katipunero sa kanilang Supremo. Ipinakita ng mga pelikula ang pagmamaliit kay Bonifacio sa halalan sa Tejeros at, sa huli, ang walang-awang pagpatay sa pinuno ng himagsikan.

Ipinakita rin sa *El Presidente* (Meily, 2012) ang pagmamaliit ng ilang kapuwa rebolusyonaryo, tulad ni Tirona, kay Bonifacio, gayundin ang pagiging malupit ni Bonifacio. Isinadula sa pelikula ang puwersahang pagkuha ng pagkain at salapi nina Bonifacio sa Indang at pagpapasunog ng mga bahay. Samantala, inilarawan naman sa maraming bahagi ng pelikula si Aguinaldo bilang "biktima" ng mga pangyayari sa halip na isang mapagpasiyang pinuno. Noong pirmahan ni Aguinaldo ang sentensiya ng kamatayan kay Bonifacio, sinabi niyang isa iyon sa pinakamapapait na desisyong ginawa niya sapagkat sumunod lamang siya sa kagustuhan ng mayorya ng kaniyang mga heneral. Ganito rin ang kaniyang sinabi nang patayin ng mga Filipinong sundalo si Luna. Aniya, hindi totoo ang paratang na siya ang nagpapatay kay Luna. Maraming heneral lang daw talaga ang may galit kay Luna. Inamin din niyang nagkulang siya sapagkat hindi niya pinaimbestigahan ang pagpatay kay Luna. Ipinakita rin sa pelikula ang mabilis na pagtitiwala ni Aguinaldo sa mga Amerikano. Noong panahon ng pananakop ng mga Hapon, ipinakita naman ang pagninilay ni Aguinaldo hinggil sa alok sa kaniyang magbigay ng talumpati ng pagsuporta sa Japan. Bagama't hindi ipinakita sa pelikula ang kaniyang desisyon, malalaman sa mga tala ng kasaysayan na nagpahayag siya ng suporta sa mga Hapon.

Nangibabaw naman sa *Heneral Luna* (Tarog, 2015) ang mga tema ng rehiyonalismo, bulag na katapatan, at pagtataguyod sa sariling interes ng ilang Filipino. Halimbawa, ang mga tauhang tulad nina Kapitan Janolino at Heneral Mascardo ay nagpakita ng lubos na katapatan kay Aguinaldo. Hindi nila kinilala ang pagiging pinuno ng hukbong sandatahan ni Luna at sa halip ay kay Aguinaldo (o sa kapuwa Kabitenyo) lamang daw sila susunod. Ang pagtataguyod sa sariling interes naman ay kinatawan nina Paterno at Buencamino na may pinoprotektahang mga negosyo. Katulad ng mga biopic hinggil kay Bonifacio, ipinakita sa dulo ng pelikula ang pagtalikod ng ilang Filipino sa isang taong nakipaglaban

para sa kalayaan nang patayin nila si Luna. Gayunman, inilarawan din sa pelikula si Luna bilang isang pinunong maiinitin ang ulo.

Sa lahat ng mga biopic na sinuri, masasabing *Goyo* (Tarog, 2018) ang naging pinakakritikal sa pangunahing tauhan nito. Sa malaking bahagi ng pelikula, inilarawan si del Pilar bilang sunud-sunuran at may labis na katapatan kay Aguinaldo. Isang susing eksena sa paglalarawang ito ang pagdakip ng pangkat ni del Pilar kay Manuel Bernal, isang sundalong malapit kay Luna. Alang-alang sa katapatan kay Aguinaldo, pinatay nina del Pilar si Bernal nang tumangging sumama sa kanilang hanay. Tinuligsa rin ng pelikula sa pamamagitan ng karakter ni Joven ang konsepto ng isang bayani. Ang magarbong pista sa Pangasinan na idinaos para ipagbunyi lamang ang kabayanihan ni del Pilar ay isang manipestasyon ng pagtingala at bulag na pagdakila sa isang bayani para kay Joven. Si del Pilar naman na nalulunod sa mga papuri at itinaas sa isang pedestal ay walang kamalay-malay sa paparating na unos. Dahil sa unti-unting pagkabigo nina del Pilar, humantong sa kongklusyon si Joven na hindi na kailangan ng mga Filipino ang isang "bayani." Inilarawan din sa pelikula si del Pilar bilang isang lalaking may iniiwang babaeng luhaan sa bawat bayang pinupuntahan. Bukod kay Joven, tinuligsa rin ng pelikula ang mismong rebolusyon sa pamamagitan ng karakter ni Mabini. Para kay Mabini, nabigo ang rebolusyon dahil sa maling pamamalakad dito. Sa halip na suportahan ni Aguinaldo ang mga tunay na nagmamahal sa bayan tulad ni Luna, tinanggalan sila ng pakinabang at lubos na pinagkatiwalaan ang mga tao batay sa katapatan ng mga ito sa kaniya. Katulad ng *Heneral Luna* (Tarog, 2015), nagpakita rin ang *Goyo* (Tarog, 2018) ng tema ng katapatan sa kinabibilangang grupo. Halimbawa, sa unang bahagi ng pelikula, ipinakita ang pag-uusig sa mga dating matatapat kay Luna na pinaratangang nagtraydor sa pamahalaan ni Aguinaldo. Ipinakita rin na sa kabila ng pakikiisa ng dating yunit ni Luna sa mga sundalo sa ilalim ni del Pilar, lumitaw pa rin sa isang eksena ng pelikula ang hinanakit ng mga ito dahil sa pagpatay sa kanilang heneral na nagdulot ng tensiyon sa loob ng hukbo. Lumitaw rin ang tema ng rehiyonalismo sa isang eksena sa palengke kung saan pinagtabuyan ng dalawang sundalo ang mga katutubong nagtitinda na tinawag nilang "unggoy" at may buntot.

Hindi naman ganoong lumitaw ang kasaysayang kritikal sa *Quezon's Game* (Rosen, 2018). Kung naging kritikal man ito, nakatuon ito sa genocide na isinagawa ng mga Nazi sa mga Hudyo, pati na rin ang pagtanggi ng ibang bansa, partikular na ang Estados Unidos at Canada,

sa mga refugee. Lumitaw rin ang anti-semitism ng ilang tauhan katulad nina G. Ebner, hepe ng seguridad ng Embahada ng Alemanya, at Konsul Cartwright. Ipinakita rin ang kalakarang pampolitika noong panahong iyon. Si Osmeña ay tutol sa planong pagsagip sa mga refugee dahil baka magamit daw ito ni Aguinaldo laban sa kanila gayong nalalapit na ang halalan.

## Kongklusyon

Mula sa historyograpikong pagbasa sa mga piling biopic ayon sa mga modelo ng pagsasakasaysayan ni Nietzsche, nakita ang sumusunod: una, lumitaw sa pagsusuri na pinakanangibabaw sa tatlong modelo ang kasaysayang monumental. Kabilang sa mga manipestasyon ng kasaysayang monumental sa mga sinuring biopic ang sumusunod: (1) pagtatampok ng mga malaepikong labanan; (2) paggamit ng analohiya sa pagitan ng buhay ng bayaning paksa at buhay ng isang mitolohikal na karakter sa panitikang Filipino (e.g., Don Juan ng *Ibong Adarna*, Bernardo Carpio); (3) paggamit ng mga kontemporanyong sagisag ng Pilipinas (e.g., watawat); (4) pagpapakita ng mga huwarang katangian (e.g., pagiging makabayan, pagmamahal sa pamilya, pagiging matulungin sa nangangailangan, katapangan, paninindigan); (5) pagtatampok sa mga susing pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas (e.g., Sigaw sa Pugadlawin, Deklarasyon ng Kalayaan sa Kawit); (6) pagpapakilala sa isang bayani mula sa isang bagong perspektiba (e.g., si Bonifacio bilang unang pangulo, si Aguinaldo batay sa kaniyang sariling gunita); (7) paggamit ng mga dakilang linya o diyalogo; at (8) paggamit ng mga pantastikong elemento. Sinusuportahan nito ang resulta ng mga naunang pag-aaral tungkol sa mga pelikulang nagtampok sa mga dakilang pigura ng kasaysayan. Sa kaniyang pagsusuri sa mga pelikulang pangkasaysayan, napansin ni Landy (1996) na ang nakaraan ay itinanghal sa pamamagitan ng larawan ng mga karismatikong pinuno at mga idinireheng eksena ng pambansang kaisahan, mga makapukaw-damdaming labanan, at magigiting na talumpati. Sa pangkalahatan, karaniwang monumental ang hulma ng mga pelikulang pangkasaysayan sapagkat nagsisilbi silang anyo ng kolektibong moralidad at pinagkukunan ng sigla at inspirasyon (Landy, 2001). Dagdag pa rito, ang mga bida sa mga pelikulang sinuri ay mga tauhan sa mga pangyayaring itinuturing na bahagi ng naratibo ng pambansang kasaysayan. Tulad ng iba pang bagay na kinakabitan ng salitang "pambansa" (e.g., pambansang watawat, pambansang awit, pambansang wika), ang naratibong ito ay binibigyan ng sentimental

o simbolikong pagpapahalaga ng grupo ng taong nakauugnay rito. Lumitaw rin ang isang katangian ng pelikulang pangkasaysayan na binanggit ni Rosenstone (1992)—ang personalisado, madamdamin, at dramatikong depiksiyon ng mga usaping pangkasaysayan sa pelikula. Ayon kay Landy (1996), tigib sa melodrama ang mga monumental na naratibo ng nakaraan, lalo na kung tungkol ito sa pagbubuo ng isang bansa. Kabilang sa mga anyo ng melodrama ang mga eksena ng pakikibaka at sakripisyo, at patriyotismo (Landy, 1996).

Ikalawa, sumunod na nangibabaw sa mga sinuring biopic ang kasaysayang kritikal. Ipinakita ito sa pamamagitan ng pagtatampok sa: (1) mga negatibong ugali ng mga bayani (e.g., pagiging mapusok ni Bonifacio, pagiging mainitin ng ulo ni Luna, kakulangan ng pagpapasiya ni Aguinaldo, pagkalunod ni del Pilar sa papuri at romansa); (2) pagiging matapat ng mga Filipino sa kanilang kinabibilangang grupo o rehiyon; (3) pagtataksil at pagtalikod ng mga Filipino sa kanilang kapuwa Filipino; at (4) pagpapahalaga sa katapatan sa isang pinuno kaysa kakayahan at/o paninindigan. Masasabing hindi malubha ang pagiging kritikal ng mga pelikula na maaaring humantong sa pagtanggi o pagkamuhi sa kasaysayan. Lumitaw ang kasaysayang kritikal sa mga biopic na sinuri sa anyo ng demitolohisasyon ng nakaraan. Sa ganang ito, ang kasaysayan ay hindi laging kuwento ng tagumpay at kagitingan. Ang mga karakter sa kasaysayan, kahit pa ang mga dinadakilang bayani, ay nagkamali, nagkaroon ng mga maling desisyon, at may mga makasariling motibasyon. Nag-aambag ito sa "critical appreciation and reevaluation" (Alvarez, 2021, p. 78), [kritikal na pagpapahalaga at muling pagtatasa] (akin ang salin), sa mga bayani na binanggit ni Alvarez. Para kay Christian Emden (2006), hindi dapat tingnan ang kasaysayang kritikal bilang pesimistikong pananaw sa kasaysayan kundi bilang isang mas realistikong pag-unawa ng kasaysayan.

Ikatlo, pinakakaunti ang bakas ng kasaysayang antikuwaryo sa mga sinuring biopic. Marahil, wala sa mga tagagawa ng pelikula ang sa simula'y naglayon na maging lubhang konserbatibo o lubusang tapat sa kung ano talaga ang nangyari sa nakaraan. Batid ng tagagawa ng pelikula ang limitasyon ng kaniyang midyum at ng kasaysayan bilang isang disiplina. Sa kabila nito, mahalagang banggitin na ang mga sinuring biopic ay ginabayan pa rin ng historikal na pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang sanggunian at pagkonsulta sa mga historyador. Ipinahihiwatig nito na sa kabila ng nabanggit na limitasyon, may antas pa rin ng pagpapahalaga ang mga tagagawa ng pelikula sa katotohanang

pangkasaysayan. Sa pag-aaral na ito, nakita ang ilang manipestasyon ng kasaysayang antikuwaryo kabilang ang sumusunod: (1) pagbibigay ng disclaimer na ang pelikula, bagama't nahaluan ng mga piksiyonal na elemento, ay batay sa mga katotohanang pangkasaysayan; (2) paggamit ng mga artefakto bilang lunsaran ng kuwento; (3) enumerasyon ng mga susunod na pangyayaring pangkasaysayan na hindi sinaklaw ng pelikula; at (4) paglalagay ng mga subtitulong nagpapahayag ng petsa/taon at/o lugar ng itinampok na pangyayari sa kasaysayan. Ang mahinang antikuwaryanismo sa mga biopic na sinuri ay sumasang-ayon sa sinabi ni Rosenstone (1992) na dahil sa limitadong oras ng pelikula, hindi nito kailanman maibibigay ang buong datos na mayroon ang isang iskolarling artikulo hinggil sa parehong paksa. Ibig sabihin, hindi posible sa pelikula ang masinop at detalyadong dokumentasyong maaaring gawin sa isang sulating pangkasaysayan. Mahalaga rin ang imbensiyon sapagkat pinauusad nito ang kuwento, pinananatili ang mataas na emosyon, at pinagtatahi-tahi sa isang kabuuan ang masasalimuot na serye ng mga pangyayaring pangkasaysayan upang magkasiya sa limitadong oras ng pelikula (Rosenstone, 1992). Dagdag pa ni Rosalind Barber (2010), hinihingi rin ng naratibo ang paggamit ng imahinasyon sa pagpuno sa mga puwang kung saan may kakulangan sa impormasyon, sa pagbibigay ng koneksiyong sanhi-at-bunga sa pagitan ng mga pangyayari, sa paglikha ng bakgrawnd kung saan umiikot ang kuwento, at sa hayag o di-hayag na konstruksiyon ng motibasyon ng mga tauhan sa kuwento. Sa huli: "[N]ahahamon ng pelikulang historikal ang kasaysayan mismo, ang mga estruktura ng diskurso, ang mga diumano'y maliliit na katotohanan na binansot ng kumbensiyon at ng lehitimasyon ng 'tunay,' pinagpipitaganan at 'tumpak' na dokumentong pangkasaysayan" (Flores, 1998, p. 194).

Sa ganang paglalagom, walang biopic na iisang modelo lamang ng pagsasakasaysayan ang namutawi. Ang kombinasyon ng monumental, antikuwaryo, at kritikal na kasaysayan ay nakita sa bawat pelikulang sinuri. Gayunman, hindi balanse ang kombinasyong ito. May nangibabaw pa ring isang modelo ng pagsasakasaysayan sa bawat biopic. Alinman sa tatlong modelo ang kinilingan ng sinuring pelikula, malinaw para sa lumikha nito na ang kasaysayan ay may partikular na kapakinabangan sa kasalukuyang lipunan. Sa kabila ng mga limitasyon ng kaniyang midyum, malay rin siya sa kapangyarihan ng pelikula bilang tagapaghatid ng mga kaalaman at halagahang pangkasaysayan.

## Mga Sanggunian


Alvarez, K. C. (2021). Patriotic masculinity and anti-colonial nationalism in select Philippine historical films. *Southeast Asian Media Studies Journal*, *3*(2), 77–105. https://seamsa.org/seamsj-vol-3-no-2/?fbclid=IwAR2VgWquoShWFHz0dX12izwN6iz34DQKHKOmi9jRGYZuiJmXN0A2EIQ1vB4

Anvil Publishing. (2014). *Bonifacio: Ang Unang Pangulo: Backstories to the movie for students and teachers*. Anvil Publishing.

Bankoff, G. & Weekley, K. (2002). *Post-colonial national identity in the Philippines: Celebrating the centennial of independence*. Routledge.

Banner, L. W. (2009). Biography as History. *The American Historical Revie*w, *114*(3), 578-586. https://www.jstor.org/stable/30223919

Barber, R. (2010). Exploring biographical fictions: The role of imagination in writing and reading narrative. *Rethinking History*, *14*(2), 165–187. https://doi.org/10.1080/13642521003710730

Berkowitz, P. (1994). Nietzsche's ethics of history. *The Review of Politics*, *56*(1), 5–27. https://www.jstor.org/stable/1407565

Bishop, P. (2012). Introduction. In P. Bishop (Ed.), *A Companion to Friedrich Nietzsche: Life and Works* (pp. 1-12). Camden House.

Campomanes, A. D. (2018). *Goyo: Ang Batang Heneral: A Film Study Guide*. TBA Studios at Dakila.

Chua, M. C. B. (2014). Bonifacio: Ang Unang Pangulo. In Anvil Publishing (Ed.), *Bonifacio: Ang Unang Pangulo: Backstories to the Movie for Students and Teachers* (pp. 30-39). Anvil Publishing.

Congdon, L. (1973). Nietzsche, Heidegger, and History. *Journal of European Studies*, *3*(3), 211–217. https://doi.org/10.1177/004724417300300301

Cortes, R. M. (1993). Historiography. In Philippine Historical Association (Ed.), *Philippine Encyclopedia of the Social Sciences (History)* (pp. 1-4). Philippine Social Science Council.

Deleuze, G. (1986). *Cinema 1: The movement-image* (H. Tomlinson at B. Habberjam, Trans.). University of Minnesota Press. (Original work published 1983)

Deleuze, G. (1994). *Difference and repetition* (P. Patton, Trans.). Continuum. (Original work published 1968)

Edel, L. (1981). Biography and the Science of Man. Nasa A. M. Friedson (Pat.), *New Directions in Biography* (pp. 1–11). Biographical Research Center.

Edel, L. (1984). *Writing lives: principia biographica*. W. W. Norton.

Emden, C. J. (2006). Toward a critical historicism: History and politics in Nietzsche's second "untimely meditation." *Modern Intellectual History*, *3*(1), 1–31. http://journals.cambridge.org/abstract_S1479244305000582

Flores, P. D. (1998). Ang pinilakang himagsikan [The revolution on the silver screen]. In A. Navarro & R. A. Abejo (Eds.), *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan* [*Language, Literature, Arts, and Revolution*] (pp. 183-196). Limbagang Pangkasaysayan.

Guerrero, M. C., Encarnacion, E. N., & Villegas, R. N. (2003, June 16). *Andres Bonifacio and the 1896 Revolution*. National Commission for Culture and the Arts. https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/andres-bonifacio-and-the-1896-revolution/ (Original work published 1996)

Internet Movie Database. (n.d.-a). *Ang paglilitis ni Andres Bonifacio (2010)*. https://www.imdb.com/title/tt1686015/?ref_=tt_mv_close

Internet Movie Database. (n.d.-b). *Supremo (2012)*. https://www.imdb.com/title/tt2536070/

Internet Movie Database. (n.d.-c). *El Presidente (2012)*. https://www.imdb.com/title/tt2477732/

Internet Movie Database. (n.d.-d). *Bonifacio: Ang unang pangulo (2014)*. https://www.imdb.com/title/tt4304364/?ref_=nv_sr_srsg_2_tt_1_nm_7_q_bonifacio

Internet Movie Database. (n.d.-e). *Heneral Luna (2015)*. https://www.imdb.com/title/tt4944352/?ref_=nv_sr_srsg_0_tt_6_nm_2_q_heneral%2520luna

Internet Movie Database. (n.d.-f). *Goyo: The Boy General (2018)*. https://m.imdb.com/title/tt5094192/?ref_=nv_sr_srsg_5_tt_2_nm_6_q_goyo

Internet Movie Database. (n.d.-g). *Quezon's Game (2018)*. https://m.imdb.com/title/tt9611484/?ref_=nv_sr_srsg_0_tt_4_nm_0_q_quezon%27s%2520game

Javar, R. C. (2020). Biograpikong manipulasyon sa pro-Espanyang partipasyon ni Manuel Quezon at kolaborasyon ng kanyang pamilya sa panahon ng Himagsikang Pilipino. *U. P. Los Baños Journal*, *18*(1), 1-14. https://www.ukdr.uplb.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1000&context=uplb-journal#page=10

Jenkins, S. (2014). Nietzsche's use of monumental history. *Journal of Nietzsche Studies*, *45*(2), 169–181. http://www.jstor.org/stable/10.5325/jnietstud.45.2.0169

Jensen, A. K. (2013). *Nietzsche's Philosophy of History*. Cambridge University Press.

Landy, M. (1996). *Cinematic uses of the past*. University of Minnesota Press.

Landy, M. (2000). *Italian film*. Cambridge University Press.

Landy, M. (2001). Introduction. In M. Landy (Ed.), *The historical film: History and memory in media* (pp. 1–24). The Athlone Press.

May, G. A. (1997). *Inventing a hero: The posthumous re-creation of Andres Bonifacio*. New Day Publishers.

McCulloch, J. (1985). Leon Edel, the art of biography No. 1. *The Paris Review*, 98. https://www.theparisreview.org/interviews/2844/the-art-of-biography-no-1-leon-edel

Meily, M. (Director). (2012). *El Presidente: General Emilio Aguinaldo Story and the First Philippine Republic* [Film]. Scenema Concept International; CMB Films; San Miguel Corporation.

Nietzsche, F. (1957). *The Use and Abuse of History* (A. Collins, Trans., 2nd ed.). The Bobbs-Merrill Company. (Original work published 1873)

O'Hara, M. (Director). (2010). *Ang Paglilitis ni Andres Bonifacio* [Film]. Mario O' Hara.

Padayhag, M. J. (2019, Mayo 19). *'Quezon's Game' promises to be a touching, educational historical film*. Cebu Daily News. https://cebudailynews.inquirer.net/234810/quezons-game-promises-to-be-a-touching-educational-historical-film

Rosen, M. E. (Director). (2018). *Quezon's Game* [Film]. ABS-CBN Film Productions; Kinitek Productions.

Rosenstone, R. A. (1992). JFK: Historical fact/historical film. *The American Historical Review*, *97*(2), 506–511. https://www.jstor.org/stable/2165732

Rosenstone, R. A. (1995). Introduction. Nasa R. A. Rosenstone (Pat.), *Revisioning History: Film and the Construction of a New Past* (pp. 3–13). Princeton University Press.

Salamanca, B. S. (1993). Historiographical Literature: 1956-1993. In Philippine Historical Association (Ed.), *Philippine Encyclopedia of the Social Sciences (History)* (pp. 74-105). Philippine Social Science Council.

Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng kapilipinuhan: Bagong balangkas*. Bagong Kasaysayan.

Salvatore, N. (2004). Biography and social history: An intimate relationship. *Labour History* (87), 187-192. https://www.jstor.org/stable/27516005

Santillan, N. M. (1998). Ang himagsikang Pilipino sa pinilakang tabing (1912-1970): Isang panimulang pag-aaral [The Philippine revolution on the silver screen (1912-1970: A preliminary study]. In A. Navarro & R. A. Abejo (Eds.), *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan* [*Language, Literature, Arts, and Revolution*] (pp. 155-182). Limbagang Pangkasaysayan.

Shubert, A. (2018). What do historians really think about biography? *Teoria e Prática da Biografia* [*Theory and Practice of Biography*], *53*(2), 196-202. https://doi.org/10.15448/1984-7726.2018.2.31498

Smith, L. M. (1994). Biographical method. In N. K. Denzin & Y. S. Lincoln (Eds.), *Handbook of qualitative research* (pp. 286–305). Sage Publications.

Somes, R. (Director). (2012). *Supremo* [Film]. Alternative Vision Cinema; Strawdogs Studio Production.

Stubbs, J. (2013). *Historical film: A critical introduction*. Bloomsbury.

Tarog, J. (Director). (2015). *Heneral Luna* [Film]. Artikulo Uno Productions.

Tarog, J. (Director). (2018). *Goyo: Ang Batang Heneral* [Film]. TBA Studios; Artikulo Uno Productions; Globe Studios.

TBA Studios. (2018). *Goyo: The history behind the movie.* Anvil Publishing.

Toplin, R. B. (2003). Cinematic history: Where do we go from here? *The Public Historian*, *25*(3), 79–91. https://www.jstor.org/stable/10.1525/tph.2003.25.3.79

Vera, N. (2016, Hunyo 14). *Ang paglilitis ni Andres Bonifacio (The trial of Andres Bonifacio, Mario O'Hara, 2010)*. Critic After Dark. https://criticafterdark.blogspot.com/2016/06/ang-paglilitis-ni-andres-bonifacio.html

White, H. (1973). *Metahistory: The historical imagination in nineteenth-century Europe*. The Johns Hopkins University Press.

White, H. (1988). Historiography and historiophoty. *The American historical review*, *93*(5), 1193-1199. https://www.jstor.org/stable/1873534

Williams, E. (Director). (2014). *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* [Film]. Philippians Productions; Tuko Film Productions; Buchi Boy Productions; RCP Productions.

## Grant Support Details

**Author Contributions:** All research activities and writing were done by J. I. B. De Leon. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

**Funding:** The author received no specific funding for this work.

**Acknowledgements:** The author gratefully acknowledges the support and supervision of Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III throughout the preparation of the manuscript. The author also acknowledges the valuable feedback and suggestions provided by the editors and anonymous peer reviewers.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.

## About the Author

**JAY ISRAEL B. DE LEON** (jay.deleon@dlsu.edu.ph) is a Lecturer of the De La Salle University (DLSU) Departamento ng Filipino. He obtained his Bachelor of Arts degree in History (magna cum laude) from the University of the Philippines Diliman in 2018 and his Master of Arts degree in Araling Filipino from DLSU in 2022. He is currently in DLSU's PhD Research Program in Araling Filipino.